# *Mga Espiritung Mapanghikayat*

Magandang umaga, mga kaibigan. Masaya akong makapunta rito ngayong umaga, at ang malaman na makikita ko kayong lahat, naniniwala akong kasama natin ang Panginoon ngayon, na binibigyan tayo ng kaunting lilim, para hindi maging masyadong mainit dito sa tabernakulo para sa pang-umagang gawain. At ngayon tayo . . .

2 Naniniwala ako, mayroon bang mga bata . . . Pinalabas na ba ang mga bata para pumunta sa kanilang mga klase, Kapatid na Neville? May nakikita pa akong ilang maliliit na bata, at iniisip ko kung pinapupunta na kaya nila 'yung mga bata diyan sa likod sa kanilang—kanilang isa pang lugar, sa silid nila para sa Sunday school.

3 Ngayon, ipanalangin n'yo ako. Mayroon akong malaking pagpapasya na dapat pagpasyahan kagabi, at kailangan ko na itong mapagpasyahan ngayong araw. At manalangin nawa ang iglesya. May—may pagtitipon akong paparating, doon po mismo sa hangganan ng Iron Curtain sa Alemanya, at kaya medyo maselan ito. Siyanga't ipanalangin n'yo ako. At mangyari po, maipanalangin, na maaari kaming makapagdaos kaagad-agad dun sa malaking istadyum ng kriket sa Alemanya, na pinagawa ni Hitler bago lamang ang digmaan, maganda't malaking lugar, makakaupo ang walumpung libong katao. At magagamit namin 'yun nang tatlong gabi, na dire-diretso. At kaya naman umaasa tayo na makapag-umpisa roon kaagad-agad, at pagkatapos nun dun naman sa La Salle Lorraine, sa Pransya, ang kasunod, tapos sa Berlin, babalik . . . ibig kong sabihin, Berlin po pala muna sa pagitan nun at—at pagkatapos Pransya.

4 Pagkatapos babalik kami, loobin ng Panginoon, sa isang kombensyon sa Chicago. Magsisimula, sa tingin ko, sa ikalima, ikaanim, ikapito, ikawalo, at ikasiyam, 'yun po 'yung bahagi ko sa Chicago, sa kombensyon sa—sa Swedish na simbahan. At pagkatapos sila, si G. Boze, ilan sa inyo na taga-roon lang sa palibot ng Chicago, mayroon po silang parating na kombensyon sa susunod na . . . mag-uumpisa sa a-uno ng Agosto, o a-uno ng Setyembre, siyanga, sa Sweden. At labis kong ikinatutuwa na malaman na boto sila sa akin, na pumunta, at pangkalahatan po 'yun at sandaang porsiyento mismo. Ikinatuwa ko po 'yun, pero ako nga'y alinman sa dapat pumunta dun o sa dako rito ngayon. Idalangin n'yo na patnubayan ako ng Panginoon mismo sa lugar kung saan mas maraming mga kaluluwa ang maliligtas,

at kung ano ang pinakamabuti na magagawa para sa Kaharian ng Diyos. Ngayon, nagdaraos sila ng isang kombensyon doon, at—at sila sa Sweden, at nabanggit niya na magkakaroon daw kami ng dalawampu't lima, tatlumpu't limang libong katao sa umpisa pa lang, sa kombensyon, at marami sa kanila ang hindi pa ligtas.

5 At pagkatapos dito naman sa Alemanya, buweno, mayroon silang istadyum na makakaupo ang walumpung libo. Mangyari po, kami, sa Switzerland kung saan kaaalis lang namin, nagkaroon kami ng magandang pagtitipon doon, at marahil marami sa inyo ang hindi pa ito nababalitaan. Lubos kaming pinagpala ng Panginoon, limampung libo ang naakay sa limang gabi, doon sa—sa—sa Zurich, Switzerland.

6 At kaya, si Kapatid na Jack Shuler, marami sa inyo ang nakakakilala sa kanya, Methodist siya, anak na lalaki ni matandang Bob Shuler. Nasa Belfast sila ngayon, at—at sinasabi nilang talagang hinahalughog nila ang lugar na 'yun, sa dako roon, para sa Ebanghelyo, at higit pa kaysa sa mayroon si Billy Graham sa kanyang pagtitipon. Si Jack po'y isang napakabait na kabataan, puno ng kasigasigan at pag-ibig. At siya—siya po'y talagang sinsero rito na naniniwala akong isa siyang kahanga-hangang lingkod ng Panginoon. At ipanalangin n'yo si Kapatid na Shuler. At—at si Jack Shuler, at kasama rin niya si Jack MacArthur. Isang mahusay na mangangaral si Kapatid na Jack MacArthur, din naman. At may mga tao sa simbahan na nagsabi na ito raw ang pinakamalaking rebaybal na nangyari kailanman sa Ireland. Kaya naman tayo'y labis. . . Dumulog kayo sa panalangin araw-araw para sa—para sa mga kalalakihang 'yun. Pareho silang kabataan, nasa ano pa lang, mga humigit-kumulang kuwarenta ang edad, sa palagay ko, o wala pa, may mga pamilya't iba pa, at matatag na mga tagapagturo ng Ebanghelyo, at mahal natin sila.

7 At ngayon, ako'y—ako'y nananalangin na huwag n'yo akong kalilimutan, na—na itulot ng Diyos na magawa ko ang tamang pagpapasya ngayon. May mga panahong di mo alam kung saang direksyon babaling. Napunta na ba kayo sa ganoong kalagayan? Naniniwala akong napunta sa ganoong kalagayan si Pablo minsan, hindi ba? Sa pagitan 'yun mismo ng dalawang kipot. At noong papunta na sana siya, aba, nakakita siya ng isang Anghel sa isang pangitain na nagsabi sa kanya, "Pumunta ka sa Macedonia." Kaya mayroon pa ring Anghel ang Panginoon, hindi ba? Kung ako lamang ay maging kasing mapagpakumbaba sa puso ko ukol dito kagaya ni Pablo.

8 At ngayon, mamayang gabi, tandaan n'yo ang mga gawain ng Ebanghelyo dito sa tabernakulo, ang lahat po'y dumalo nawa. Kayo sa paligid ng Louiville, magsasalita ako sa Church of the Open Door, mamayang gabi, nang ilang oras, alas siyete y media hanggang alas nuebe y media, kina Kapatid na Cauble.

Dalawang beses sana akong pupunta rito. At mangyari namang siya'y kalugud-lugod na ginoo, at tinawagan niya ako. At si Kapatid na Cauble, isa siyang napakabuting ginoo, na kapatid. Kayo, sigurado akong magkakilala na kayo, napakabuting kapatid, at halos hindi ko siya matanggihan mismo. Manalangin kayo. Higit sa lahat ng bagay, manalangin, at idalangin n'yo na ipagkaloob sa amin ng Diyos ang—ang tamang pasya na gagawin.

9 Ngayon, bago natin simulan ang Mensahe ng Ebanghelyo, mayroon tayong umaga para maghandog ng maliliit na bata. At mayroon akong munting bata rito na ihahandog, din, sa Panginoon. Ngayon, madalas sa maraming simbahan . . .

Naririnig n'yo ba nang maayos, diyan sa likod? Kung naririnig n'yo, ayos ba ito? Ang mga bentilador dito, mangyari nga, hindi mo marinig ang sarili mo. Hindi, 'yan, ayos lang 'yan. Naku't baka himatayin ako kung aalisin 'yan.

10 Mangyari po na ang—ang maliliit na bata, kung minsan nga'y winiwisikan nila sila, sa simbahan, habang maliliit pa silang sanggol. At, siyempre, galing 'yan sa simbahang Katoliko, haya't binibinyagan ang maliliit na bata, o "binabautismuhan" gaya nga ng tawag nila habang maliliit pa lang sila na mga bata. Nadala ito paglabas ng iglesyang Methodist, itong pagbabautismo ng sanggol, at marami, at sa palagay ko marami pa na ganoon. Sa palagay ko 'yan ang pagkakaiba ng Nazarene at ng makalumang Methodist, ang pagbabautismo ng sanggol, at pagkatapos may maliliit na humiwalay at iba pa. Pero, ano pa mang paraan 'yan, hindi mahalaga, sa palagay ko hindi gaanong mahalaga. Dahil, kung tutuusin, sa palagay ko nilinaw na ang bagay sa Kalbaryo, doon mismo, sa lahat ng ito, siyanga, dahil namatay roon si Jesus para iligtas ang maliliit na bata at iligtas ang mundo.

11 At ang isang munting bata, kahit ano pa mang klase ng magulang ang mayroon ito, gaano pa mang makasalanan, walang magiging pagkakaiba, dahil nililinis siya ng Dugo ni Jesus Cristo, kita n'yo, at ito ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Hindi makapagsisisi ang sanggol na 'yun. Hindi niya alam kung paano magsisi. Wala itong mga dahilan kung bakit ito narito, sa sarili nito. Hindi nito masasabi sa inyo kung bakit ito narito. Pero ipinadala ito ng Diyos dito, at nililinis ito ng Dugo ni Jesus Cristo sa mismong sandali na dumating ito sa mundo. At ito'y hanggang sa sumapit ito sa edad ng pananagutan, alam na nito sa panahon na 'yan ang tama at mali, at kapag sumapit na sa ganoon haya't ang gagawin na niya'y kinakailangan na niyang magsisi sa nalalaman niya na ginawa niyang mali. Siyanga. Mangyari nga, ang ilan ay winiwisikan ang mga bata, at ang akala nila'y hindi napupunta sa Langit ang mga sanggol.

12 At may isang katuruan na nagsasabing kung isinilang ang sanggol ng mga magulang na may Espiritu Santo, buweno, mapupunta raw sa Langit ang sanggol; pero, kung hindi, mapapahamak ito, sadyang ligaw na raw ang sanggol. Maling-mali po 'yan. Ano namang pagkakaiba kung ito'y sa mga magulang na may Espiritu Santo? Mangyari nga na sa seksuwal na pagnanasa ang lahat ng ito, at sa ganoon ding paraan naipanganak ang sanggol. Kaya naman, itong lahat ay "ipinanganak sa kasalanan, inanyuan sa kasamaan, dumating sa mundo na nagsasalita ng mga kasinungalingan." Yan, 'yan po ang termino ng Kasulatan ukol dito.

13 Kaya, at pagkatapos ay lilinisin at gagawa ng pagtutubos ang Dugo ni Jesus Cristo para sa batang 'yun. Kung mamatay ito, ganap siyang mapupunta mismo sa Presensya ng Diyos, kung naisilang man ito sa pinaka makasalanan sa mundo na mga magulang, hanggang sa sumapit ito sa edad ng pananagutan kung saan alam na nito ang tama at mali. At mangyari nga kung ano man ang gawin ng batang ito, mula sa panahon na 'yan, kinakailangan na itong ipatawad. Kailangan na nitong humingi ng sarili nitong pagsisisi mula sa panahon na 'yan. Pero habang musmos pa ito. . .

14 Ngayon, ang paraan na sinisikap nating sundan, dito sa tabernakulo. Yan lang ang tanging dako sa mundo na pinupuntahan ko, na nangangaral ako ng Doktrina, ay dito sa tabernakulo, dahil ito ang ating simbahan. At nagtuturo tayo ng Doktrina rito para mapanatiling nakalinya ang mga tao. Ang ibang kalalakihan, sa kanilang mga simbahan, ipinangangaral nila kung ano man ang pinaniniwalaan nila. At mga kapatid ko sila, at maaaring magkaiba kami nang kaunti, pero magkakapatid pa rin kami. Siyanga't, pero dito sa tabernakulo, ipinangangaral namin ang kung ano sa tingin namin ay Doktrina ng Kasulatan. At, doon, makikita natin na para sa paghahandog ng mga bata, ay itong tinatawag natin na paghahandog, ang tanging pagkakataon sa Biblia na mahahanap natin, o dako sa Bagong Tipan kung saan nagkaroon ng anumang kinalaman sa maliliit na bata, o nagkaroon ng anumang kinalaman si Cristo rito sa isang seremonya, ay, noong buhatin Niya ang mga bata sa Kanyang mga bisig at ipinatong ang Kanyang mga kamay sa kanila at pinagpala sila, at sinabi, "Hayaan ninyong lumapit sa Akin ang maliliit na bata. Huwag ninyo silang hadlangan, sapagkat sa mga ganito nauukol ang Kaharian ng Diyos."

15 Ngayon, iniwan ito sa atin, gaya ng pagkakaunawa natin, para ipagpatuloy ang gawa na ipinarito Niya para—para isakatuparan. Ang Kanyang kamatayan sa Kalbaryo, kasama natin Siya at nagpunta Siya mula. . .lumabas mula sa Diyos, tumungo sa mundo, bumalik mula sa Diyos, o mula sa mundo patungo sa Diyos, at bumalik muli sa anyo ng Espiritu

Santo, at kasama na natin, sumasaatin, hanggang sa katapusan ng sanlibutan, na isinasagawa sa Kanyang Iglesya ang siya ring gawa na ginawa Niya noong narito Siya sa lupa. At, sa pamamagitan nun, dinadala natin ang ating mga anak isa-isa, sa mga ministro, at ipinapanalangin sila ng mga ministro, ipinapatong ang kanilang mga kamay sa mga bata at inihahandog sila sa Diyos. Isang maiksing seremonya lamang para ipahiwatig na pinasasalamatan natin ang ginawa ng Panginoon para sa atin at sa mga munting musmos.

16 Ngayon, kung ang anak n'yo ay winisikan, o sa kung ano pa mang paraan sa inyong simbahan, magbulay kayo. Wala kaming sinasabing isa mang bagay laban doon. Ayos lang ito. Pero, ayon sa Kasulatan, isang dako lang ang matatagpuan natin, na doon ay pinagpala ni Jesus ang mga bata, Siya Mismo. Yan po ang babasahin ko, loobin ng Panginoon, dito sa—dito sa Salita. Matatagpuan natin, sa San Lucas sa. . .sa paniwala ko sa—sa ika-10 kabanata, at simulan sa ika-13 talata.

> *At dinadala nila* sa *kaniya ang maliliit na bata, upang sila'y kaniyang hipuin: at sinaway ng mga alagad* sila *na nagdala sa mga bata.*
>
> *Datapuwa't nang ito'y makita ni Jesus, ay nagdalang galit siya, at sinabi sa kanila, Pabayaan ninyong magsilapit sa akin ang maliliit na bata, huwag ninyo silang pagbawalan: sapagka't sa mga ganito nauukol ang kaharian ng Dios.*
>
> *Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sinomang hindi tumanggap ng kaharian ng Dios na tulad sa isang maliit na bata, ay hindi siya papasok doon sa anomang paraan.*
>
> *At kinalong niya sila, at sila'y pinagpala,* at *ipinapatong ang kaniyang mga kamay sa kanila.*

17 Di ba't kay ganda nun? Sabi Niya, "Ngayon, hayaan ninyong lumapit sa Akin ang maliliit na bata. Huwag ninyo silang pagbawalan, sapagkat sa mga ganito, sa mga tulad ng munting batang 'yan, nauukol ang Kaharian ng Diyos." At binuhat Niya sila sa Kanyang mga bisig at pinagpala sila.

18 Ngayon, gaano nating kagusto, ngayong umaga, na kung maaari'y paupuin natin si Jesus, nang personal, dito sa entablado, sasabihin, "Panginoon, maaari Mo bang pagpalain ang anak ko?" O, grabeng. . .para sa mga mata natin at mga puso natin na may pananabik na makita 'yun. Pero narito Siya, tunay nga, dahil inatasan Niya tayong gawin ito. At, sa paggawa natin, ay kinikilala naman Niya. Tinatanggap natin ang mga ipinadala Niya, tinatanggap Siya na nagpadala sa kanya, kita n'yo. Kaya naman, narito Siya ngayong umaga. At kung maaaring pumunta sa piyano si Kapatid na Gertie at tugtugin ang luma nating awitin na dati na nating inaawit matagal nang panahon, itong,

"Dalhin sila, dalhin ang mga musmos kay Jesus." Naniniwala akong nandiyan 'yan sa aklat saanman. Hindi ko lang sigurado. "Dalhin ang mga musmos kay Jesus." At kung mayroon kayong sanggol, isang munting anak na hindi pa naihahandog, at ibig n'yong ihandog ngayong umaga, sige po, ikinalulugod naming gawin ito.

19 At mayroon bang mga ministro na nasa gusali, mga mangangaral na maaaring pumarito at tumayo kasama namin dito habang inihahandog namin ang mga batang ito sa Panginoon? Ikinalulugod naming makasama kayo, habang lumalapit kayo. Sige, nandiyan ba ito sa aklat? Nahanap mo na ba, Kapatid na Neville? Wala dun. Buweno, ilan po ang nakakaalam nito, *Bring Them In*? Buweno, awitin natin ito ngayon. Sabay-sabay po ang lahat, habang dinadala ng mga nanay ang mga anak nila. Sige. Sige.

. . . them in, bring them in,
Bring them in from the fields of sin;
Bring them in, bring them in,
Bring the wandering ones to Jesus.

Bring them in, bring them in,
Bring them in from the fields of sin;
Bring them in, bring them in,
Bring the little ones to Jesus.

Maaari ba nating iyuko ang ating mga ulo pansumandali.

20 Makalangit naming Ama, nakatayo sa paligid ng altar ngayong umaga ang mga nakatayong nanay at tatay na hawak ang kanilang munting mga supling sa kanilang mga bisig, na mabiyaya Mong ipinagkaloob sa kanila. Lubos silang nagpapasalamat para sa mga batang ito, Panginoon, at dinadala nila ang mga bata rito sa altar ngayong umaga, sa bahay ng Diyos, para ihandog sila, ibinibigay ang mga buhay nila sa Iyo. Ikaw po ang nagkaloob. At dalangin namin, Diyos, na Iyong kalingain at pagpalain ang bawat isa sa kanila. Patnubayan Mo sila, at nawa ang mga nakabantay na mga Anghel ng Diyos ay bantayan ang bawat isang bata. Pagkalooban sila ng mahabang buhay ng kaligayahan at kagalakan. Lumaki nawa sila na maging kalalakihan at kababaihan ng Diyos, ng darating na panahon, kung mayroon pang darating na panahon.

21 Diyos, dalangin po namin na magbangon Ka ng mga mangangaral at mga propeta't mga guro mula sa grupong ito ng mga bata na nasa palibot ng altar ngayong umaga. At para sa pagtanda namin at di na makapagpapatuloy pa, ay may magdadala sa amin sa bawat lugar-lugar, makatayo nawa kami at mapakinggan ang Ebanghelyo na ipinapangaral ng mga ito na narito ngayon. Ipagkaloob Mo nawa, Panginoon. At sa isang maluwalhating araw kapag tapos na itong lahat, kapag tapos na ang aming mga buhay, ang mga magulang na ito na nasa

paligid ng altar, maging tulad nawa kami ni Jacob noong una nang pagpalain niya ang lahat ng kanyang mga anak at sinabi sa kanila kung ano ang magiging kahahantungan nila sa huling araw. Pagkatapos ay tumingala, nagsabi, "Alam n'yo, titipunin na akong kasama ng aking bayan." At isang maluwalhating araw, siya at ang lahat ng kanyang mga supling, ay titipuning sama-sama sa isang mas mabuting Lupain. Kaya naman pala sinabi ni Balaam, "Ang aking huling wakas nawa ay maging katulad ng kanya." Diyos, dalangin kong ipagkaloob Mo ang lahat ng mga pagpapalang ito sa mga magulang.

22 At ngayon habang pumupunta kami para patungan sila ng mga kamay, anong—anong gandang. . . At ganoon na lamang ang kapakumbabaan ng paggawa Mo rito, Panginoon, na kaming mga tao ng lupang ito ay magkaroon ng pribilehiyo na pagpalain ang mga munting bata sa Iyong Pangalan, yamang nalalaman, na, ang bagay na aming hinihiling, ito'y ipinagkaloob na sa amin. Habang nagtutungo kami sa kanila, nawa si Jesus, ang lubos na di-nakikitang Katauhan, ang Isa na pinakamakapangyarihan ay tumayo sa malapit at pagpalain ang bawat bata habang ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kanila at inihahandog sila sa Kanya. Sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen.

23 Kapatid na Glenn Funk, tatlong mumunting anak niya ang idededika sa Panginoon. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

. . . isang—isang munting silid, doon sa ibayo ng hilaga, ipinangako Mo ang batang ito sa akin. Ama, nawa ang Iyong mga pagpapala'y mamalagi sa kanya.

Joseph, anak ko, ibinibigay kita sa Diyos. At nawa ang buhay mo'y maging isang pagpapala. Nawa'y maging isang propeta ka, Joseph. Nawa'y maglumagi ang biyaya ng Diyos sa iyo. Nawa ang Diyos ng iyong tatay, ang Panginoong Jesus Cristo, ay pagpalain ka, ipangyari ang buhay mo na maging isang pagpapala sa ibang tao.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, aking pinagpapala siya. Amen.

24 [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . iniibig ang mumunting mga bata? May kung ano sa mumunting mga bata na bawat nanay ay nagnanais na ang kanyang anak ay mapagpala.

Ngayon, ganyan nga ang ating Makalangit na Ama sa atin na matatanda sa umagang ito. Nais Niyang ang bawat isa sa atin ay mapagpala. Siya'y nagprepresenta sa atin sa harap ng partikular na bagay, sadyang iniaabot sa atin mismo, na parang sinasabi, "Heto, nais kong mapagpala ka, Aking anak." hindi ba't kahanga-hanga Siya? Kaya naman lubos tayong nagpapasalamat dahil sa isang mabuting Makalangit na Ama na gaya n'yan.

25 Ngayon, sa pagpapala sa mumunting mga sanggol, alam n'yo, binabasa ko rito sa Kasulatan noong isang araw, sa isang

dako roon, nasa Lumang Tipan ’yun, na, isang dakilang bagay na ako’y—ako’y tunay na nagpapasalamat na nabasa ko. Heto po ito, nandito. “At sinabi ni Natan kay David, ‘Gawin mo ang lahat ng nasa puso mo, dahil ang Diyos ay nasa iyo.’” Kita n’yo? “Gawin mo ang nasa puso mo.” At maraming beses na aking—aking nasusumpungan ito, kaibigan na Cristiano, na nakakapangusap ako ng mga bagay-bagay na hindi ko alam kung anong sasabihin ko, at nasusumpungan ito na natutupad. Bagay na inyong napapangusap mismo!

26 Nabanggit isang beses, na bumaba noon mula sa bundok si Jesus at nakakita siya ng isang puno na walang kalaman-laman, mga dahon lang, at walang bunga, at ang sabi Niya, “Wala nang tao ang kakain mula sa iyo mula ngayon.”

27 At noong sumunod na araw, sa pagdaan, nakita ng mga alagad ang mga dahon nito na nagsilanta. Sabi niya, “Narito ganoon na lamang kadali na ang puno’y nalanta.”

28 Sinabi ni Jesus, “Manampalataya kayo sa Diyos; dahil anumang bagay ang mithiin ninyo, kapag inyong ipinanalangin, sampalatayanan ninyo na inyong natanggap na ito at inyong kakamtin. At anumang bagay na inyong sabihin, makakamit ninyo ang bagay na sinasabi ninyo.” Isipin n’yo ’yun. Oh! At marahil ngayon, ang dakilang Espiritu Santo ng Diyos, na nakatayo rito sa may altar, sasabihin n’yo. . .Buweno, hindi nito kailangang mapalamutian. Hindi nito kailangang maging enggrande’t mamahaling lugar.

29 Pumulot lamang si Jacob ng isang bato noon at inihiga ang kanyang ulo rito, at ito’y kinikilala pa rin hanggang ngayon bilang isang Stone of Scone. O, Stone of Scone, na hanggang ngayon ang dakilang mga tao sa mundo ay ginagamit pa rin ang batong ito, para ang mga hari’y pinapasinayaan sa ibabaw ng batong ito, haya’t ordinaryong matandang bato lamang na naroon noon sa kaparangan.

Ang Bethel nga’y tumpok lamang ng mga bato na pinagpatong-patong, at naging bahay ito ng Diyos, ang dakong panahanan. Sinabi ni Jacob, “Ito’y walang ibang dako kundi ang bahay ng Diyos.” Tumpok lamang ng mga bato na patong-patong sa isa’t isa.

30 Hindi kailangan ng magarbo’t enggrandeng mga bagay. Kasimplehan lamang at pananampalataya ang kailangan para makasampalataya, ’yan lang ang kailangan. Yan lang mismo ang kailangan.

31 Ngayon, yamang nalalaman na mabilis lumipas ang oras, sisikapin natin na hindi kayo patagalin nang masyadong mahaba, yamang nalalaman na mainit at siksikan sa simbahan. Kaya ako’y mangungusap lamang sa inyo nang kaunting sandali ngayong umaga, tungkol sa isang munting paksa rito na maaaring. . .Umaasa ako na maging tulong sa inyo. At

ngayon ako, bago umalis ng tahanan kanina, may isinulat na akong tatlo o apat na munting bagay. Sabi ko, "Maghihintay muna ako at titingnan ko kung anong ipapasabi sa akin ng Diyos kapag nakarating na ako dun." Sumulat ako ng mga anim na mumunting bagay rito, mumunting mga paksa, at may isinulat akong isa, na inilagay ko rito sa bulsa ko nang paganito. Naisip ko, "Buweno, pagdating ko sa pulpito marahil Kanyang sasabihin sa akin ang bagay na ipapangusap ko." Ngayon malayo-layo na ang narating ko mula noong naroon ako. Kaya, ano't anuman, babasahin ko ang isang Kasulatan dito, tulungan nawa tayo ng Panginoon na maunawaan Ito. Sa ika-14 na kabanata ng San Lucas, at simulan natin sa bandang ikatatlumpu-. . .ika-31 talata ng ika-14 na kabanata ng San Lucas.

> *O aling hari, na kung sasalubong sa pakikidigma sa ibang hari, ay hindi muna uupo, at* sasangguni *kung makahaharap siya* na *may sangpung libo sa dumarating na laban sa kaniya na may dalawangpung libo?*
>
> *O kung hindi, samantalang* ang isa. . .*ay malayo, ay magsusugo siya* ng *isang sugo, at hihilingin ang mga kailangan sa pagkakasundo.*
>
> *Kaya nga, sinoman sa inyo na. . .*

32 Nais kong pansinin n'yo nang masinsinan ngayon. Ngayon, unang-una sinabi Niya. . .Isa po itong talinghaga. Sabi Niya, "Ngayon, may haring paparating, at may dalawampung libong sundalo siya; at *itong* isang hari naman ay sasalubungin siya, at mayroon lang siyang sampung libong sundalo. Mangyari nga, na unang-una, mauupo siya at tatanungin niya kung handa ba siya, kung magagawa niya ba ito o hindi." Buweno.

> *. . .sa inyo* na *hindi tumanggi sa lahat niyang* tinatangkilik, *ay di maaaring maging alagad ko.* (Kita n'yo?)

33 Ngayon nawa'y idagdag ng Panginoon ang Kanyang pagpapala sa Salitang ito. Ngayon sige't iyuko na natin ang ating mga ulo pansumandali.

34 Makalangit naming Ama, Ikaw na Siyang nakakaalam ng lahat ng bagay, at hindi tinatangi ang katauhan ng tao, dahil ano ang tao upang Iyong alalahanin siya? Nilikha Mo ang tao, at siya'y parang bulaklak sa parang: ngayon maganda siya, bukas puputulin siya, ihahagis sa hurno, at siya'y malalanta. At dalangin ko po sa Iyo, Diyos, na maging mahabagin sa amin ngayon at ibunsod ang bawat isa na mag-imbentaryo ngayon. Kami'y naparito gaya sa loob ng bahay ng pagwawasto. Naparito kami para matuto at malaman kung paano mamuhay, at ibunsod ito na magmula sa Iyong Salita ngayon, Oh Diyos na Walang Hanggan. Marami sa Iyong mga anak ang nagkakatipon, at marami sa kanila ang Iyong mga anak na nang maraming taon,

pero, sa kabila nun, lahat kami'y bumabalik sa bahay ng Diyos, para matuto, para makaalam. At ako, na Iyong lingkod, ay nag-aasam na makaalam pa ng higit tungkol sa Iyo. At dalangin ko na Iyong ihahatid ang inspirasyon ng Ebanghelyo sa aming lahat, sa Iyong lingkod, at nang sa gayon ang Iyong Presensya, at pagbibigay-inspirasyon sa amin sa buong gusaling ito, ay magiging dakila sa araw na ito, na uuwi kami, na sa aming puso, ay nag-aasam kaming maging mas mabuting mga lingkod Mo, na magiging kapakinabangan na kami'y naparito. Oh mahabaging Diyos, Iyo pong ipagkaloob ang mga pagpapalang ito sa Pangalan ni Jesus, na Iyong Anak. Amen.

35 Nawa'y idagdag ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa Salita sa pagbabasa natin. Nais kong humango ng teksto sa umagang ito, itong, "Mga espiritung mapanghikayat o ang Salita ng Diyos?" Ngayon, medyo kakaibang paksa, pero yamang nasa loob ng tabernakulo . . . At noong nakaraang Miyerkules ng gabi . . . Nitong nakaraang Linggo ng umaga nangungusap ako tungkol sa—sa munting Ebanghelyong jubileo.

36 At nitong nakaraang Miyerkules ng gabi nangaral ako tungkol dun sa babae na may—may diyadema sa kanyang ulo, o 'yung . . . Naiwala niya ang isa sa mga kaputol nun, at kanyang winalisan ang bahay at pinagsikapang hanapin 'yun bago dumating ang kanyang asawang lalaki. At nalaman natin na ang babaing 'yun ay isang silanganing uri ng babae, at ang babae . . . at nirerepresenta niya ang Iglesya. At 'yung tali ng pagkakasal ay di noon isinusuot sa daliri. Nakasuot 'yun sa ulo, na may siyam na putol ng pilak. At kapag ang isang babae'y maging patotot, kinukuhanan nila 'yun ng isang putol ng pilak at ipinapakita nun na siya'y isang patotot. At mangyari nga na ang babaing ito'y naiwala niya ang isa sa mga piraso nun, siyanga't hindi naman siya patotot. Pero ang asawa niyang lalaki'y nasa malayong lugar, at sinisikap niyang magmadali na hanapin ang piraso na 'yun, para ibalik sa kanyang diyadema, dahil kapag hindi at dumating ang asawa niya ay maiisip nito na nahuli siya sa pagiging patotot, at magbubunsod 'yun na mawasak ang tahanan at kung ano pa. At inihahambing ko 'yan pansumandali sa iglesya, na nakawaglit ng maraming dakilang bagay. At oras na para dumating ang Ama, kaya kinakailangan na nating hanapin ang mga ito. Ngayon, yamang nalalaman sa iglesya, at ating tabernakulo . . .

37 At nais kong—nais kong mangusap ukol sa *Mga Espiritung Mapanghikayat*, na sa totoo'y dapat pinamagatan ito na *Demonolohiya*. Labis na kayong nakakarinig ukol sa mga demonyo, sa mga panahong ito, pero di kayo masyadong nakakarinig ukol sa kung paano iwawaksi ito. Lahat tayo ay—ay lubos na nalalaman na may mga diyablo, pero, ang kasunod na bagay nga'y, kung paano iwawaksi ang bagay na 'yun. At ngayon may . . . Mayroon, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos,

nagkaroon ako ng maraming oportunidad na makipagtuos sa mga bagay na ito na tinatawag na mga demonyo, at kinakaharap pa nga ang mga ito sa entablado at sa araw-araw kong lakad, at, hayan nga, nais kong saliksikin ang Kasulatan sa umagang ito at alamin kung ano mismo ang mga bagay na ito.

38 Ngayon, inilalapat natin 'yun sa gawain ng pagpapagaling, laging sa panig ng pagpapagaling. Kanser, katarata, tuberkulosis, lahat ng mga bagay na ito'y hindi natural na mga bagay, ang mga ito'y sobrenatural at mga demonyo. Pinapatotohanan 'yan mismo ng Kasulatan. Pero 'yan nga'y mga demonyo sa katawan, 'yang mga bukol, tulad ng kanser, may buhay sa loob nun, at ang buhay na 'yun ay isang demonyo. Paglaki ng katarata, pagkalat ng tuberkulosis, at iba pang mga sakit, mga demonyo ang mga ito. Nasa pisikal na anyo.

39 Ngayon, sa umagang ito ay mangungusap tayo—mangungusap tayo tungkol sa mga demonyo sa espirituwal na anyo sa kaluluwa. Nasa kaluluwa ang mga ito kung papaanong nasa katawan din sila. At aminado nga tayo na nakikita natin ang mga ito sa katawan ng tao, tulad nung kanser at—at iba't ibang mga sakit na nasa katawan ng tao.

40 Nito-nito lang, maging ang kanser ay idineklara na isang ikaapat-na-dimensyong sakit, na ito'y nasa ibang dimensyon. Tunay, ito'y demonolohiya. Bawat sakit ay ikaapat-na-dimensyong sakit, ang simula nito.

41 Ngayon, pero ngayon ang kanser sa katawan o kanser sa kaluluwa, haya't ang demonyo'y maaaring pumunta sa alinman dito. Ngayon, maraming pagkakataon at maraming tao na may mabubuting kaisipan ang . . . at mabubuting tao na sinusubukan sa maraming pagkakataon na—na lumagak sa kung anong munting teolohiya na mayroon sila, o kung ano na itinuro sa kanila nung bata pa sila, at nasusumpungan pa rin sa kaibuturan ng pagkatao nila, sa kaibuturan ng kanilang kaluluwa, na may bagay pa rin sa kanila na di tama. Kayo, marami sa inyo sa umagang ito, di mapapasubalian na sa tuwing makasumpong kayo ng mga Cristianong nagkakatipon, makakasumpong kayo ng mga tao na may ganoong mga espiritu sa kanila, na sila . . . Yun nga'y di kanais-nais. Ayaw din nila 'yun. Sinasabi nila, "Oh, kung magagawa ko lang na huminto sa pagsisinungaling! Kung magagawa ko lang na huminto sa pagnanasa! Kung magagawa ko lang na huminto sa *ganito* o *ganoon*!" Ngayon, mga diyablo 'yun. At, ngayon, heto na ang mga ito sa anyo ng relihiyon, maraming beses. (Yamang Sunday school ito, panahon ng pagtuturo, sige't tingnan natin itong maigi.) Ngayon, dumarating ang mga ito sa anyo ng relihiyon, maraming beses.

42 Ngayon, sa Kasulatan, minsan, may isang lalaki na nagngangalang Josaphat, isang dakilang lalaki, isang relihiyosong lalaki. At nagtungo siya roon sa isa pang hari

na hari noon ng—ng Israel. At siya, si Josaphat, bilang siya ang hari noon ng Judah. At nagtungo siya roon kay Ahab, na hari ng Israel, at magkasama silang nagagayakan, at nakipag-alyansa sa isa't isa, para humayo at makipaglaban doon sa Ramoth Galaad. At ginawa nila 'yun nang hindi muna nananalangin.

43 Oh, kung mapagtatanto lamang ng mga tao! Yan ang dahilan kung bakit pumarito ako ngayong umaga at hiniling sa inyo na alalahanin ako sa pagpunta ko sa ibayong-dagat. Sa lahat ng mga bagay, manalangin!

May lumapit noong isang araw at nagsabi, "Kapatid na Branham, sa palagay mo ba maling gawin ang isang partikular na bagay?"

44 Sabi ko, "Bakit mo natanong?" Kita n'yo? Kung may tanong sa isip n'yo, isantabi n'yo ito, huwag n'yo nang gawin. Manatili lamang sa ganoon. Kapag may sisimulan kayong isang bagay na gagawin, at kung ito'y isang katanungan kung tama ba o mali, lumayo kayo rito. Huwag n'yo talagang gawin, pagkatapos malalaman n'yo na tama kayo.

45 Ngayon, ang lahat ng mga bagay ay dapat na maikonsidera nang may pananalangin, unang-una. "Hanapin muna ninyo ang Kaharian ng Diyos at Kanyang katuwiran, at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo." Ako'y siguradong-sigurado sa umagang ito, kung ang mga kalalakihan at mga kababaihan ay makadadako lamang sa posisyon kung saan ang kanilang kaluluwa, ang kanilang pag-iisip, kanilang saloobin, ay ganap sa paningin ng Diyos, 'yun ang magiging isa sa pinaka makapangyarihang iglesya na iiral.

46 Antabayanan n'yo pansumandali itong ukol sa pisikal. Ngayon, tayo, mayroon, maraming beses na, mayroon na nito maraming taon na ang nagdaan, mayroon tayo nitong tinatawag na "lie detector." Maaari n'yong ibalot 'yun sa pulso n'yo, isusuot sa inyong—inyong ulunan, at suot-suot 'yun tapos susubukan n'yo sa abot ng makakaya n'yo na gawing parang katotohanan ang isang kasinungalingan, at magtatala 'yun ng negatibo sa tuwina, dahil ang tao'y di nilikha para magsinungaling. Ang pagsisinungaling ay panloloko't, mahirap na bagay, masamang bagay. Mas pipiliin ko pang makasama ang isang lasenggo, anumang araw, kaysa sa isang sinungaling. Kita n'yo? Isang sinungaling! At ang katawan n'yo ay di nilikha para magsinungaling. Kahit na gaano pang makasalanan kayo, kayo'y isa pa ring bumagsak na anak ng Diyos. Ang pinaka makasalanang tao sa siyudad na ito ngayon, hindi nga binalak ng Diyos na ikaw ay maging makasalanan. Nais Niya na kayo'y maging isang anak na lalaki o anak na babae Niya. Kayo'y ginawa sa Kanyang Sariling pagkagawa. Anupa't kasalanan ang may bunsod sa inyo na gawin 'yun. At kahit na anong pilit n'yong gayahin at subukang gawing tama ang isang kasinungalingan,

may siyentipikong instrumento sila na nagpapatunay na mali 'yun. Subukan n'yo mang sabihin ang bagay na 'yun na may kalakip na pagkainosente sa abot ng nais n'yo, pero magtatala pa rin 'yun sa negatibo; dahil may pangalawahing kamalayan sa isang tao, at alam ng pangalawahing kamalayan na 'yun ang katotohanan. At kahit na ano pang sabihin n'yo rito, alam nung pangalawahing kamalayan na kasinungalingan 'yun, at matatala dun na lihis sa pangalawahing kamalayan.

47 Kaya naman, kung ang isang lalaki o isang babae ay maibubunsod ang kanilang mga kaisipan, at kanilang patotoo at kanilang buhay na luminya nang husto sa Diyos (amen) hanggang sa ang daluyan ng Espiritu Santo ay magiging ganap na isa sa Diyos, talagang may mangyayari! Kung ang lalaki at babae ay magagawang luminya, kung saan may kalayaan mula sa kanilang puso, na may pananampalataya sa pinaka kaibuturan!

48 Maraming tao ang dumudulog sa altar para maipanalangin, ang kamit nila'y intelektuwal na pananampalataya. Ikinukumpisal nila ang kanilang mga kasalanan at umaanib sa isang iglesya, sa pamamagitan ng intelektuwal na pananampalataya. Pinaniniwalaan nila ito sa kanilang—kanilang isip. Pinaniniwalaan nila ito dahil narinig nila ito. Pinaniniwalaan nila ito dahil alam nilang 'yun ang pinakamainam na pamalakad. Pero hindi diyan nakatingin ang Diyos. Hindi Siya nakatingin sa intelektuwal n'yong pananampalataya.

49 Nakatingin Siya sa puso, kung saan sa kaibuturan ang Diyos. . .At kapag ito'y nanggagaling sa puso, lahat ng mga bagay ay posible kung ganoon. Ang pag-amin n'yo ay tumutugma sa inyong buhay. Kasing lakas ang pagbigkas ng inyong buhay sa inyong pag-amin.

50 Pero kapag nagsasabi ang inyong pag-amin ng isang bagay, at ang inyong buhay ay iba naman, may kung anong mali sa kung saan. Dahil ang kamit n'yo ay intelektuwal na pananampalataya, at hindi isang pananampalataya mula sa inyong puso. At ipinapakita n'yan na sa labas, *dito*, ay kaalaman ukol sa Diyos; pero sa loob, *dito*, ay isang demonyo na nag-aalinlangan. "Naniniwala ako sa Makalangit na kagalingan, pero hindi 'yan para sa akin." Kita n'yo? "Ah, maaari nga 'yan, pero hindi ako naniniwala rito." Nakukuha n'yo ba? Sa labas, sinasabi n'yo "oo"; sa loob, sinasabi ng inyong konsiyensya "hindi." Yang siya ring siyentipikong bagay ay magpapatunay na hindi 'yun tama, na pinapatunayan ito.

51 Pansinin n'yo noong ang mga haring ito, bago sila pumunta, sila dapat ay. . .Bago nakipag-alyansa si Josaphat kay Ahab, dapat sinabi niya unang-una, "Manalangin tayo at tingnan natin kung ano ang kalooban ng Diyos."

52 Bigyan n'yo ako ng isang mangangaral, bigyan n'yo ako ng isang Cristiano, bigyan n'yo ako ng isang maybahay na isang Cristiano, bigyan n'yo ako ng isang magsasaka, o isang trabahador sa pabrika, na uunahin ang Diyos sa lahat ng bagay, ipapakita ko sa inyo ang isang tao na magiging matagumpay sa kabila ng lahat na maaaring ilagay sa kanya ng diyablo. Kanyang hinahanap ang Diyos, unang-una. Kinakailangan natin unang-una . . .

53 Pero hindi nila ginawa. Silang lahat ay tila nalukuban ng ulap dahil si Ahab ay may dakila't kumikinang na kaharian, at nakagawa siya ng maraming magagandang bagay, haya't mayroon siyang naglalakihang padalisayan ng hiyas, may ginto't may pilak, siya'y naging isang dakila't, matagumpay na lalaki, sa kabila ng pagiging isang di-mananampalataya.

54 At diyan ang dako ng sanlibutan ngayon. Diyan nakasadlak ang Amerika ngayon. Diyan nakasadlak ang mga kaiglesyahan ngayon. Nagsipagtayo tayo ng ilan sa pinaka maiinam na mga simbahan na maitatayo. Nasa atin ang pinaka pulidong mga iskolar na maaari tayong magkaroon. Itinuro natin ang ilan sa pinaka maiinam na teolohiya, at kung ano pa, at natutong umawit na parang Mga Anghel, pero sa kabila nun ay may kahinaan sa kung saan. May isang kahinanaan, dahil napadpad sila sa doktrina ng tao't mga espiritu na mapanghikayat, sa halip na manumbalik sa Salita ng Diyos. Sinusubukan nilang ibalangkas ang bagay-bagay na parang sanlibutan. Sinubukan nilang maglagay ng makinang na liwanag sa ibabaw nito, gaya ng Hollywood.

55 Dito noong isang araw lang, sa isang kilalang denominasyon, ang grupo ng Full Gospel sa Kansas City, o, pasensya na po, sa Denver po pala, sa kombensyon, sila'y nagtatayo ng milyong-dolyar na simbahan. At libo-libong mga misyunero ang naghihintay sa limampung sentimo mula sa siya ring denominasyon, para madala ang Ebanghelyo sa mga hetano. Ang kailangan natin sa panahon ngayon ay kaisipan-sa-pagmimisyon, na ipinadala-ng-Diyos, na ipinanganak-ng-Espiritu-Santong rebaybal, na dala-dala ang kasigasigan ng Diyos, para tumulak hanggang sa liblib ng mga gubat sa ibayo at gumawa ng isang bagay para sa Diyos, sa halip na magtayo ng malalaki't, kaaya-ayang mga simbahan at pipiliting higitan ang kapitbahay.

56 Mas nanaisin ko pang sumamba sa isang pagmimisyon, na dinaanan ng kung ano, o sa isang bar, at taglay naman ang kalayaan ng Espiritu Santo at ang pag-ibig ng Diyos na nagniningas sa mga puso, kaysa sa maupo sa pinakamalaking katedral na mayroon tayo sa mundo at ang pinagsisiksikan naman sa atin ay mga doktrina't dogma ng tao. Ang kailangan natin sa panahon ngayon ay isang pag-uugang rebaybal, pagbalik sa Katotohanan, pagbalik muli sa Salita ng Diyos.

57 Ngayon, noong dumako na sila roon, at medyo natagalan nang kaunti noong biglang matauhan si Josaphat at ang sabi niya, "Hindi pa . . . Buweno, kumonsulta tayo sa Panginoon ukol sa bagay na ito."

58 Sabi niya, "Sige," sumang-ayon nga si Ahab, at nagpatawag siya at nagpakuha ng sandaan, apatnaraang pinagsanay nang lubos na mga mangangaral. At pinapunta niya sila sa dako roon at sinabi, "Heto ang lahat na mga nagpropropesiya."

59 At kaya isinagawa na nila ang kanilang seremonya roon, at nagsimulang tumawag. At ang sabi nila, "Opo, humayo ka nang may kapayapaan. Ang Panginoon ay sumasaiyo."

60 At matapos na ang lahat na apatnaraan ay sumaksi na sila'y maaaring pumunta nang may kapayapaan, sa kabila nun ay alam ni Josaphat . . . Nakukuha n'yo ba? Kita n'yo, sa kaibuturan ng puso ng matuwid na lalaking 'yun ay may kung anong bagay na nagsasabi sa kanya na may kung anong mali sa kung saan. May kung anong bagay na mali.

61 Sabi ni Ahab, "Ngayon apatnaraan na ang mayroon tayo rito, at nagkakaisa mismo, bawat isa sa kanila'y nagsasabi, 'Humayo ka, ang Panginoon ay kasama mo.'"

Pero sabi ni Josaphat, "Wala ka na bang isa pa?"

62 Sabi niya, "Buweno, ano pang kailangan natin sa isa pa, matapos na mayroon na tayong apatnaraan na pinaka edukadong kalalakihan sa bansa? Lahat sila'y nagsasabi mismo na 'Humayo!'" Yun nga'y intelektuwal. Pero ngayon sa kaibuturan ng puso ni Josaphat alam niya na may kung anong bagay na mali. Ngayon, sabi niya, "May isa pa naman tayo, si Micaya. Pero kinamumuhian ko siya." Sabi, "Lagi siyang nagsasabi ng bagay na masama, at bigla na lang sumusulpot gayong wala naman siyang karapatan, at minamaliit niya ang mga kaiglesyahan at lahat na." Sabi, "Kinamumuhian ko siya."

Sabi, "Magpasugo ka, sunduin siya, at tingnan natin kung anong sasabihin niya."

63 At noong pumaroon na si Micaya, sabi niya . . . Sabi nila, "Ngayon, tingnan mo, dapat sabihin mo rin ang siya ring bagay na sinabi ng iba."

64 Sabi niya, sabi niya, "Ang akin lang . . . " Heto nga. "Ang akin lang sasabihin ay ang bagay na sinasabi ng Diyos." Amen. "Kahit na ano pa ang pinagsasasabi ng inyong propeta, at anuman ang sinasabi *nito*, at anuman ang sinasabi ng inyong iglesya, at anuman ang sinasabi nila, sasabihin at sasabihin ko ang bagay na sinasabi ng Diyos. Naglalagay ang Diyos sa mga labi ko at sasabihin ko mismo ang bagay na sinasabi Niya." Ang kailangan nga natin sa panahon ngayon ay marami pang mga Micaya na magsasabi ng bagay na sinabi ng Diyos. Pansinin, kaya pinapunta nila siya roon, at ang sabi niya, "Bigyan n'yo

ako ng isang gabi." Kaya noong gabi na 'yun kinatagpo siya ng Panginoon, at bumalik siya kinabukasan ng umaga. Habang naroon sa pintuang-bayan ang dalawang hari, ang sabi niya, "Humayo kayo." Sabi, "Humayo kayo. Pero," sabi, "nakinita ko ang Israel na nagkalat na parang mga tupa na walang pastol."

65 Kaya itong isang mangangaral, na nadadamitan nang mainam, lumapit siya't sinampal si Micaya sa bibig, at ang sabi, "Saang gawi nagdaan ang Espiritu ng Diyos noong Ito'y umalis sa akin?"

Sabi, "Malalaman mo sa iyong pagbabalik." Oo.

66 Sabi niya, "Makinig ka rito!" Sabi niya, "Kami'y mga lingkod ng Diyos. Kami'y apatnaraan, at nag-iisa ka lang."

67 Pero sabi ni Micaya, "Sasabihin ko sa'yo kung saan ang problema." Amen! Sabi, "Nakakita ako ng pangitain." Amen! Ang sabi niya, "At nakita ko ang Diyos na nakaupo sa Kanyang luklukan. Nakita ko ang hukbo ng Langit na nakatayo sa palibot Niya. At alam natin na ang Salita ng Diyos ay nagsabi na ng mga sumpa sa lalaking ito, dahil sa gawi na pinaggagagawa niya."

68 Hindi mo maaaring pagpalain ang isinumpa na ng Diyos, ni masusumpa man ng diyablo ang pinagpala na ng Diyos. Isa itong indibiduwal na pakikitungo, kahit na gaano pang kahirap o gaanong kamangmang, gaanong hindi nakapag-aral, gaanong di edukado. Ang pinagpala na ng Diyos ay talagang pinagpala. Ang sinumpa ng Diyos ay talagang sinumpa na. Alamin n'yo kung paano kilalanin ang pagkakaiba ng bagay na tama sa bagay na mali.

69 Batid ni Micaya nang siguradong-sigurado na hindi ang Panginoon ang sumasakanila na mga mangangaral. Buweno, anong problema sa mga mangangaral na 'yun? Pansinin n'yo ang bagay na ginawa nila. Nadadamitan sila nang pinakamainam. Pinakakain sila nang pinakamainam. Nagsasama-sama sila sa kanilang mga partido't kung ano pa, at kanilang mga alyansa, hanggang humantong sa dako na ang tanging alam na lang nila ay kanilang sariling teolohiya. At sinabi ng Biblia na si Micaya, noong nakatingin siya roon sa pangitain na 'yun, ang sabi niya, "Sinabi ng Diyos, 'Sino ang makabababa roon at para dayain si Ahab?' At may espiritu ng pagsisinungaling na nagsabi, 'Bababa ako roon at hihikayatin si Ahab sa pamamagitan ng mga mangangaral na 'yun, para ibunsod si Ahab na pumaroon, para maisakatuparan ang Salita ng Diyos.'"

70 Ngayon, sa oras na ito maraming tao ang nakikinig... (Ngayon, Sunday school, gustung-gusto ko ito.) Tingnan n'yo, napakaraming tao ang nakikinig sa mga espiritung mapanghikayat sa halip na nakikinig sa Salita ng Diyos. Mga espiritu, ang mga ito'y nasa mundo. Ang mga ito'y mga demonyo. At nagtutungo sila sa mga dako at lumulukob sila sa mga kalalakihan, sa mga ministro. Lumulukob sila sa mga

miyembro ng iglesya. Lumulukob sila sa mga mabubuting tao. At ibinubunsod nila ang mga taong ito na mahantong, masadlak sa isang ilusyon. At nagsasabi sila ng mga bagay, at gumagawa ng mga bagay, at nagtuturo ng mga bagay, at ginagawa ang mga bagay, na salungat sa Salita ng Diyos. Sa panahon ngayon, ang mga ministro ng kanilang kongregasyon ay hinahayaan ang kanilang mga miyembro na maglaro ng baraha sa loob ng simbahan, marami sa kanila. Ngayon, di po 'yan Katoliko lang, maraming Protestante ang gumagawa n'yan.

71 Ang bagay na sinubukan nilang gawin ay paghahalili ng kung anong bagay. Sinisikap nilang kumuha ng kung anong bagong plano. Pinipilit nilang piliin ang edukasyon, para ipanghalili sa Espiritu Santo. Hinding-hindi n'yo maaaring gawin 'yun, kahit na gaano pang kaedukado ang tao n'yo. Sa palagay ko mainam na bagay na siya'y maging edukado. Pero kung hindi niya taglay ang Espiritu Santo kalakip nun, walang maidudulot na mainam sa kanya ang edukasyon niya. Hinding-hindi kailanman mahahalili ng edukasyon ang pangunguna ng Espiritu Santo. Amen.

72 Pansinin, sila, sa halip Nito, pinipilit nilang tanggapin ang pakikipagkamay bilang kapalit ng makalumang karanasan na dati-rati'y taglay natin. Ngayon ang iglesya nga'y naging moderno na. Lalakad lang sila't iaabot ang kanang kamay ng pakikipagbuklod, at ganoon daw ang pamamaraan para gawin 'yun. Pero hinding-hindi n'yan mahahalili ang dako ng makalumang upuan ng mga humahagulhol kung saan tinatawag ang mga makasalanan at nagiging matuwid sa Diyos. Tama.

73 Ngayon sinusubukan nilang palitan ang dako ng pag-iikapu sa Diyos. May ibang bagay sila na kinukuhang kapalit. Ginagawa nila 'yung iba. Nagtutungo sila't naglalaro ng bunco sa loob ng simbahan, naglalaro ng loterya. Di kailanman mapapalitan ng loterya ang dako ng pag-iikapu sa Diyos. Mga hapunan, pagbebenta ng kumot, pagpipiknik, para makalikom ng pera para bayaran ang iba't ibang utang, hindi n'yan kailanman mahahalili ang dako ng Walang Hanggang pag-iikapu't pagkakaloob sa Diyos. Hindi kailanman magagawa nito. Pero sa kabila nun ay sinusubukan pa rin nating gawin.

74 Ano 'yun? Mapanghikayat na mga espiritu 'yun na dumadako roon, na sinusubukang humali-. . .naghahalili ng bagay imbis na Salita ng Diyos. Ang Diyos nga'y walang panghalili sa Kanyang Salita. Ito'y Walang Hanggan at magpakailanman. Ang Diyos ay walang anumang bagay para humalili sa pananampalataya. Walang kahalili ang pananampalataya. Di kailanman magiging kahalili ng pananampalataya ang pag-asa. Mag-isa ang Pananampalataya. Tumatayo ito nang mag-isa. Hindi nito kailanman makukuha ang. . .Hindi kailanman makukuha ng pag-asa ang lugar nito. Ang pag-asa ay kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, ang

katunayan ng mga bagay na di nakikita, o ang pananampalataya po, pala. Kita n'yo? Ang pag-asa ay isang bagay; iba rin ang pananampalataya. Ang pag-asa'y umaasa para dun; ang pananampalataya'y kamit na ito. Ang isa ay intelektuwal na pananampalataya; at 'yung isa ay direktang kapahayagan ng Diyos. Hindi nito kailanman mahahalili ang dako nito. Subukan man natin, pero pawang mga panghalili lang ang magagawa natin.

75 Sinusubukan nating magtayo ng naglalakihang mga simbahan sa halip na magpadala ng mga magmimisyon. Isa uling panghalili. Hindi kailanman nagtalaga ang Diyos ng sinuman para magtayo ng simbahan. Hindi 'yun kailanman itinalaga sa Biblia. Nagsipagtayo tayo ng mga seminaryo, hinayaan nila na humalili 'yun sa dako ng pagmimisyon. Tayo. . .Di tayo kailanman sinabihan ni Jesus na magtayo ng seminaryo. Ayos lang naman ang mga ito. Edukasyon, sinusubukang ipanghalili 'yun. Hinding-hindi 'yun kailanman uubra. Ang atas ni Jesus ay "humayo sa buong mundo at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang," para sa huling panahon. Kaya lahat ng mga panghalili na kamit natin ay di kailanman makahahalili sa tunay.

76 Noong isang araw ako po'y may karanasan, isang panghalili. Naranasan ko ang una kong sakit ng ngipin, kailangan kong ipabunot ang ngipin. Ngayong umaga mayroon na akong pustiso na ipinanghalili roon. Di tuloy ako halos makapagsalita nang maayos. Hinding-hindi nga nito kailanman mahahalili ang tunay. Hindi, nga! Oh, grabe!

77 Marahil makakagawa ka ng isang tao at bibihisan siya, na gawin ito mula sa kahoy, yeso, anumang bagay na nais mo, at ayusan siya na halos ganoon na ganoon mismo. Siya'y walang pakiramdam, walang kamalayan. Hindi niya kailanman mahahalili ang sinumang tunay na tao. Ganoon din sa huwad na pagbabagong-loob na lalapit dun at magsasabi, "Umanib ako sa iglesya. Sisikapin kong maging mas mabuti." Hindi nun kailanman mahahalili ang tunay na makalumang, ipinadala-ng-Diyos, na Espiritu Santong pagbabagong-loob na ibinubunsod ang isang tao na maging iba sa kanyang puso. Hindi nga uubra, dahil walang Buhay sa loob nito. Walang bagay na makakapagbigay Buhay sa kanya.

78 Dito di pa katagalan nasaksihan ko 'yung gawa ng bantog na pintor na gumawa nun, o iskultor, ang ibig kong sabihin, na gumawa nitong larawan ni Moises. Di ko lang mabanggit ang pangalan niya. Isa siyang Griyegong alagad ng sining. Buong buhay na obra. At noong maihantong niya 'yun sa kalagayan na naisip niyang perpektong-perpekto ito, natuwa siya nang lubos sa imahe ni Moises, kaya hinampas niya ito sa may tuhod, at ang sabi niya, "Magsalita ka, Moises!" Mukha 'yung tunay na tunay! Lapat na lapat mismo ang pagkakagawa hanggang sa mukha na

itong si Moises talaga, sa isip niya, na kanyang hinampas ito ng maso para magbunsod ng pakiramdam dito.

79 Naiisip ko ang iglesya. Kahit na gaano pang karaming panghalili, gaano mang kalaki ang isang kongregasyon, gaano mang kagaling n'yong awitin ang inyong mga awitin, gaano mang kainam ang pananamit ng inyong kongregasyon, gaano mang mayroon kayong *ganito*, *ganoon*, o kung anong *iba pa*, hampasin n'yo man, paparamdamin man, o kung ano. Hinding-hindi nun mahahali ang dako ng Buhay, hanggang sa bumaba si Cristo sa anyo ng Espiritu Santo, papasok sa iglesya na 'yun, at bibigyan ito ng isang bagong karanasan na maipanganak na muli. Hinding-hindi nun mahahalili ang dako ng Salita ng Diyos. Ang Salita ng Diyos ay nakatayong mag-isa.

80 Nakay Micaya ang Salita. Batid niya na kamit niya ang Salita. Kamit niya ang Salitang nasusulat, kamit niya rin Ito sa pamamagitan ng isang pangitain. Alam niya kung ano ang sinabi ng Diyos sa Kanyang Salita. Alam niya kung ano ang sinabi ng Diyos sa pamamagitan ng pangitain. Kapwa ito dumarating nang magkalakip. Alam niya na Katotohanan 'yun, kaya naman hindi siya takot.

81 Pero itong mapanghikayat na espiritu, tingnan n'yo kung anong ginagawa nito, sa panahon ngayon. Para makapanghikayat ng mas maraming miyembro ng iglesya, para makapanghikayat ng maiinam na mga miyembro ng iglesya, ibinaba nito ang mga pamantayan ukol sa makalumang Espiritu Santong pagtuturo. Pinahintulutan nito ang mga kalalakihan na magkaroon ng panlipunang kasiyahan sa isa't isa, doon sa ilalim na silid kung saan makakapaglaro sila. Hindi nun mahahalili ang itaas na silid, kung saan nanalangin sila noon para sa Espiritu Santo. Pinahintulutan nito ang mga kababaihan na magsama-sama at magkuwentuhan ng biro't kung anong bagay, at magkaroon ng maraming kabulukan na walang kapararakan. Hindi nun mahahalili kailanman ang dako ng pagtitipon para sa panalangin. Ang mga kababaihan, 'yung paraan ng paglabas nila't pananamit sa panahon ngayon, ito'y—ito'y kahihiyan.

82 Narinig ko ang isang komentaryo ni Kapatid na Neville, sabi, "Ang kaawa-awang mga Amerikano," sabi, "ipinadala nila ang lahat ng kanilang mga damit sa ibayong-dagat." Ganoon nga. Lumalakad-lakad sila ngayon na nakapang-ilalim na damit na lang. Sila . . . Ganoon nga. Marahil naipamigay nila sa mga misyunero, dahil 'yung misyunero . . . Yung mga tao't mga hetano sa ibang bansa ay suot-suot ang mga 'yun. Ang mga taong 'yun ay mukhang ayos lang na wala 'yun, mukha ngang gustung-gusto pa nila.

83 Sinasabi ko sa inyo, may kung anong bagay na nabaluktot, at 'yun ang pangangaral ng Ebanghelyo ng Panginoong Jesus

Cristo. Mga demonyo 'yun na naghuhubad ng inyong mga damit. Wala kailanman maliban sa isang tao sa Biblia ang naghapak ng kanilang damit para mahubaran, 'yun 'yung lalaki na inaalihan ng demonyo. At siya nga'y para bang nasa mahinahong anyo sa panahon ngayon, gaya na lang na palakaibigan siya, na parang mabuti siya, na parang ayos lang ang ganoon. "Mas maginhawa kasi, at mas giginhawa ang pakiramdam mo kung huhubarin mo ang damit mo." Mga lalaking lalakad-lakad sa bakuran, at kalahating-hubad, at ganoon na rin ang mga kababaihan. Aba, 'yang mayroon sa inyo diyan ngayon ay kawalan ng respeto't masahol pa sa mga aso, sa isa't isa. Anong nangyayari? Hindi ko po ginagawa ito para saktan kayo. Sinisikap ko lang sabihin sa inyo na ito'y pag-ali ng demonyo, at nakikinig kayo sa mapanghikayat na espiritu na sinasabi sa inyo, "ayos lang ang ganyan," pero kasinungalingan 'yun.

84 Ang isang butil ng trigo'y magbubunga lamang ng trigo. Kung isa kang Cristiano, hinding-hindi mo 'yun gagawin. Hindi mo 'yun magagawa. Talagang hindi mo magagawa. Ang mayroon ka ay intelektuwal na pananampalataya at magsasabi, "Kapatid na Branham, naniniwala ako sa Biblia." Pero sinasabi mismo ng inyong buhay na hindi. Amen. Mapanghikayat na mga espiritu na tinatalata ang Salita ng Diyos.

85 Alam niya kung saan siya nakatayo, alam nga ni Micaya. Nasa kanya ang Salita ng Diyos. Isa nga siyang di popular na lalaki. Walang may gusto sa kanya dahil ang bukambibig niya ay Katotohanan, gayong gustung-gusto nila ang mga mangangaral na ito.

86 Ngayon, isa pang bagay ang naganap. Naniniwala ako't iniisip ko na sinumang lalaki na mayroong karanasan sa Diyos, o isang babae man, ay sigurado namang magiging emosyunal nang kaunti. Naniniwala nga akong ganoon. Siyanga. Pero alam n'yo ba? Ginawa na nila ang pagiging emosyunal bilang kapalit ng bautismo ng Espiritu Santo. Panay ingay lang ang mayroon sa kanila, at wala ngang laman na anuman. Dapat mamuhay kayo nang kasing banal kung gaanong namumuhay kayo nang kasing ingay, kung ganoon magiging maayos kayo. Ayos lang naman ang mga emosyon; "may pakinabang sa pagpapalakas ng katawan." Pero nilukuban nga ng mapanghikayat na mga espiritu ang holiness na grupo ng mga tao, at naibunsod ang mga tao na manangan na lang sa "dahil nakakasigaw sila" o "dahil nakakasayaw sila, dahil nakakapaglabas sila ng emosyon."

87 Yung matandang lalaki dun, 'yung pinuno ng lahat ng mga propeta, ng mga mangangaral, inakala nga niya na siya'y tamang-tama, na iginawa niya ang sarili niya ng isang pares ng sungay at nagsasayaw sa palibot dun, at nagbunsod ng mas malaking ingay. Itutulak daw niya 'yung iba pang hukbo ng Asiria palabas ng bansa. Pero kasinungalingan 'yun! Iba ang sinabi ng Salita ng Diyos. Amen. Kita n'yo, maaaring tama

kayo sa emosyon, kung kamit n'yo ang tamang uri ng pagkilos ng emosyon sa likod nito, 'yung tamang uri ng emosyon na nagpapakilos sa inyong emosyon.

88 Si David ay sumayaw noon sa harap ng Panginoon, at tinawanan siya ng kanyang asawa. At tumunghay pababa ang Diyos mula sa Langit, nagsabi, "David, ikaw ay isang lalaking kinalulugdan ng Sarili Kong puso." Pero ang mga motibo nga niya'y tama. Ang buhay niya ay tama, sa likod nito.

89 Kaya, hindi dahil emosyunal tayo, ang ibig sabihin na nun ay ligtas na tayo. Na dahil dumadalo tayo sa simbahan, hindi ibig sabihin nun ligtas na tayo. Huwag n'yong paniwalaan ang mga mapanghikayat na espritu. Ang isang tunay na Espiritu ng Diyos, isang tunay na Salita ng Diyos, ay ang Katotohanan ng Diyos; na isang Binhi mismo ng Diyos, na magbubunga ng Diyos sa inyong buhay; magiging maka-Diyos, malinis, banal.

90 Sa gitna mismo ng mga tao na masusumpungan natin ang mga emosyon, at kung ano pa, naroon din ang mga pagtsitsismis at paninira nang patalikod, at lahat na ng uri ng masasamang bagay. Kapatid, 'yan nga'y sulfuric acid sa iglesya. Kapangyarihan 'yan ng demonyo. Espiritu ng kalalakihan at kababaihan na naglalaban-laban sa isa't isa, at nagtutulakan, nagsasabi, "Hindi *ito* tama, at hindi *ito* tama, at hindi *'yan* tama." Kung tutugaygayin n'yo, siyam na beses sa sampu haya't 'yung mismong tao na nagpapasimuno ng kaguluhan, ang hindi tama. Amen. Ayaw ng Diyos ng di-pagkakasundo sa pagitan ng magkakapatid. Maging mapitagan kayo, maging banal, ibigin ang Diyos, tumayo sa tabi Niya. At hangga't nalalaman n'yo na ang inyong buhay ay humahambing sa Biblia, na may kadalisayan ng puso, kadalisayan ng pag-iisip, pag-ibig sa inyong kapatid, sinisikap ang pinaka mainam na magagawa n'yo para itaguyod ang Kaharian ng Diyos, at ginagawa ang mga bagay na ito, nananamit nang tama, namumuhay nang tama, nagsasalita nang tama, nagtutungo sa tamang lugar, kung ganoon ay maaari n'yong kamtin ang lahat ng mga emosyon na nais n'yo, at ang lahat ng tao'y maniniwala rito.

91 Sinabi ni Jesus, "Kayo ang asin ng lupa. Kung mawaglit ng asin ang alat nito, ito'y mawawalan ng kabuluhan, kundi itatapon na lamang at yuyurakan sa ilalim ng paa ng tao." Kung asin lang kayo, hindi nga 'yun makadudulot ng mabuti. Pero kung may alat kayo na kalakip, ikaw nga'y magiging maalat at mauuhaw ang mundo. Aalat kayo, at sila'y mauuhaw. Oh, grabe!

92 Naglalabasan ang mga espiritung mapanghikayat, mga demonyo na nagbabalat-kayo. Tingnan n'yo, nandito na tayo sa huling araw. Nasa wakas ng panahon na tayo. Ang mundo nga'y nakaumang nang dumating sa ulo nito, gaya ng nagnananang bukol sa kung saan na puputok at puputok isa sa mga araw na ito at 'yung nana nito ay tatalsik palabas. Naging

napakarumi na. Wala nang pamahid ang makapagpapagaling dito. Tinanggihan nila ang—ang lunas. Tinanggihan nila ang gamot. Kung hahayaan n'yo ang isang bukol na mamaga roon, at kung hindi kayo gagamit ng penicillin o kung ano para maalis 'yun, o kung anong bagay, mamamaga nang mamamaga 'yun hanggang sa pumutok.

93 Ganyan ang ginawa ng mundo. Nagsimula, di pa katagalan, na nagbaba ng pamantayan. Napunta sila sa isang malaki't magarbong kaisipan, nakapasok ang huwad na mga espiritu at unti-unting sinasabi sa mga tao ang *ganito*, *ganoon*, o kung anong *iba pa*. Nagkawatak-watak tayo sa siyamnaraan at kung ilan pa na iba't ibang denominasyon, na ang bawat isa'y may iba-ibang pananaw. Sinasabi nila, "Naniniwala kami sa *ganito*, tuldok! Yun lang ang pinaniniwalaan namin." Hindi nila mapapasok ang Espiritu Santo. Hindi na nila mabigyan-ng-daan. Nagkaroon lang ang Diyos ng ilang bunton ng mga tao na nakakasigaw, tapos ang lahat ay dapat na raw makasigaw. Nagkaroon sila ng ilan na nakakapagsalita ng iba't ibang wika, tapos ang lahat daw ay kinakailangan nang makapagsalita ng iba't ibang wika. Nagkaroon sila ng lahat ng ito, hanggang sa naging (ano?) lubos nang nakontamina ng mga espiritung mapanghikayat, hinihikayat ang mga tao na gawin ang mga emosyon na ito samantalang walang kalakip doon na Diyos na kahit ano. Pagkatapos lumalabas sila roon at namumuhay ng kung anong uri ng buhay na ninanasa nilang ipamuhay, at tatawagin 'yung "Cristiano."

94 Tapos naroong nakaupo ang sanlibutan at mapapatingin, sasabihin, "Buweno, tingnan mo nga naman! Ako nama'y katulad din naman nila."

95 Katulad nung nabanggit ko noong isang gabi tungkol sa baboy, tungkol sa makasalanan. Hindi n'yo masisisi... Ang isang makasalanan ay isang makasalanan. Huwag n'yong subukang ireporma siya. Huwag n'yong subukang sabihin sa kanya ang *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*. Isa siyang makasalanan, sa simula't sapul. Isa siyang baboy, sa simula't sapul. Wala siyang alam na mas mabuti. Kung siya'y nagpupunta sa pelikula, at pumupunta roon nang Linggo, at nagpupunta sa panonood ng beysbol, at ginagawa ang lahat ng mga bagay na ito, isa siyang makasalanan, sa simula't sapul. Ang kalikasan niya ay isang baboy. Ang matandang baboy nga'y iningungudngod ang kanyang nguso sa tumpok ng dumi at kinakain 'yung lahat ng butil dun, at lahat na; buweno, kasi, isa siyang baboy. Hindi n'yo siya masisisi. Isa siyang baboy. Ganoon nga ang gawi ng mga makasalanan. Pero kung tutungo kayo sa ganoon at tatawagin ang sarili na isang Cristiano, at ingungudngod ang inyong nguso kasama siya, kung ganoon wala kang ikinabuti kumpara sa kanya, haya't, mas masahol ka pa. Lumabas kayo mula sa kalagitnaan nito. Bitawan n'yo ang

sanlibutan. Bumitaw kayo. Ibunsod ang Diyos. Bumitaw kayo.

96 Paano kayo makabibitaw? Maraming mga tao ang nag-iisip sa panahon ngayon, na sinasabi, "Buweno, Kapatid na Branham, paano kayo bibitaw?" Alam ko na marami na kayong teolohiya na narinig tungkol dito, "bitawan." Maraming tao nga ang nagsisikap nang buong pawis, para subukang bumitaw. Maraming tao ang dumarating at nagsasabi, "Ako'y mag-aayuno nang apatnapung araw para makagawa ako ng isang bagay." hindi n'yo kailangan ng apatnapung-araw na pag-aayuno. Ang kailangan n'yong gawin ay bitawan ang mundo at ang lahat ng mga maka-diyablong bagay na ito, at tanggapin ang Salita ng Diyos sa inyong puso. Kinakailangan ngang maituro sa inyo kung paano gawin 'yun. Hindi n'yo 'yun magagawa sa pagtatalon nang taas-baba, ni magagawa n'yo man sa apatnapung-araw na pag-aayuno. Magagawa n'yo 'yun sa pamamagitan ng isinukong puso sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

97 Katulad ng isang munting sanggol. Napansin ko 'yung munting anak ko riyan sa likod, sinusubukang isuot ng kanyang nanay 'yung munti niyang dyaket sa kanya, kaninang umaga. Gusto niyang isuot 'yung munti niyang braso sa manggas. Hindi niya maipasok 'yung braso niya roon; hindi niya kasi alam kung paano. Kinakailangan n'yong gabayan 'yung munti niyang braso. Gusto niyang ipasok 'yung braso niya roon, pero sumasala-sala lang siya roon. Hindi niya naipapasok sa manggas. Alam niya na sala siya sa manggas.

98 At ganoon din na alam n'yong sala kayo sa Diyos, kapag kayo'y tumitira pa rin nang patalikod, nagsisinungaling, ginagawa ang lahat ng kung anu-ano. Hindi kayo magiging tama sa Diyos sa ganoon, wala akong pakialam kung gaanong karami mang simbahan ang kaanib kayo, hanggang sa ang kaluluwa n'yo ay mapagbagong-loob. Kapatid, 'yan nga'y makaluma, pero 'yan nga'y manunuot nang husto't magbibigay init sa inyong kaluluwa. Tama!

99 Sinusubukang isuot ang kanyang braso, kinakailangan niya ng magtuturo sa kanya, kung paano isuot ang kanyang braso. Pagkatapos kapag naipasok na niya ang kanyang braso sa munting dyaket niya, alam niya na ayos na siya.

100 Ganyan din ang pamamaraan sa bawat ipinanganak na muling Cristiano. Kapag siya'y papasok mismo sa Diyos, binabantayan niya ang buhay niya sa Salita ng Diyos at mapagtatanto niya na nakalinya siya sa bawat katiting Nito. Mayroon na siyang pagpapahinuhod, kahinahunan, katahimikan, kaamuan, kapangyarihan, pananampalataya, pag-ibig, kagalakan, kapayapaan. Hindi na siya nadadala magkabi-kabila gaya ng isang maunos na dagat. Hindi na siya nag-aalala tungkol sa bawat munting bagay. Hindi na siya natatangay *rito* at *doon*, gaya ng isang takip ng bote sa

isang mahangin na dagat. Nakapirmi na siya. Ang puso niya ay dalisay. Ang kanyang mga pag-iisip ay dalisay. Ang kanyang mga layon ay dalisay. Ang kanyang pamimili ay tama. At alam niya na nakalinya siya sa Salita ng Diyos. Hindi siya matitinag ng buong impyerno. Nakalinya siya sa Salita ng Diyos. May Makalangit siyang pag-ibig, kadalisayan sa kanyang puso, para sa bawat lalaki at babae. Mayroon siyang. . . Umiiwas na siya mula sa mga bagay ng sanlibutan, ang mga ito'y patay na sa kanya; ayaw na niya ng mga ito. Siyanga't, hindi n'yo magagawa na ang isang babae na puspos ng Espiritu Santo ay magsuot ng isang pares ng damit na makasalanang-tingnan at lalabas dun na parang wala lang. Hindi, nga.

101 Ngayon, di na kailangan pang puntahan siya't sabihan siya na mali siya, dahil hindi siya maniniwala, dahil 'yun lamang ang tanging bagay na nalalaman niya. Yun ang kagalakan niya. Ang babae na nagsusuot ng mga maiiksing damit na 'yun; lumalabas sila, sa gabi, sa oras na pauwi na ang mga kalalakihan; kapag parating na sila para magtatabas ng damo sa bakuran, para. . . At sasabihin n'yo sa akin na tama 'yun? Babae, hindi ko gustong sabihin na ikaw—ikaw ay masama. Hindi ko gustong sabihin na ikaw ay imoral. Pero hindi n'yo namamalayan, kapatid na babae, na may maruming espiritu na humawak sa inyo. Anong dahilan at gagawin n'yo ang ganoon? May sapat na pag-iisip naman kayo na malamang hindi 'yun dahil sa mas presko. Mas mainit pa nga. Sadyang may maruming espiritu.

102 Sasabihin n'yo, "Ako? Ako, dumadalo ako sa simbahan!" Si Nabucodonosor noon ay isang dakilang lalaki. Pero, dahil masyado siyang naging mapagmataas, binigyan siya ng Diyos ng espiritu ng isang baka, at pinakain siya ng damo nang pitong taon, tapos humaba ang mga kuko niya sa kamay na parang 'yung ginagawa ng ilang kababaihan dito sa palibot. Siyanga. At siya'y inalihan ng demonyo.

103 Isang lalaki na inalihan ng demonyo at hinapak nito ang damit niya. Hindi nila siya mabihisan ng damit. Ngayon nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Mga espiritu 'yan na mapanghikayat.

104 Hinahayaan lang ito ng inyong iglesya. Takot ang mangangaral n'yo na magsabi ng anuman, takot na baka di na kayo magbayad ng inyong ikapu. Yun ang dahilan. Yan ang problema. Naku, kahahabagan! Papaano nga naman kayo makakapangaral sa isang bunton ng mga buwitre, maliban na lang kung ipagbagong-loob n'yo sila at maitama sa Diyos, sa simula't sapul? Ingungudngod nila ang kanilang tuka sa patay na bagay sa tuwina. Ang kailangan n'yo nga ay isang lubusang pagbabasura, at isang makalumang rebaybal na wawalis nang baybayin sa baybayin, at maibunsod ang mga kalalakihan at mga kababaihan na maging tama sa Diyos. Bitawan n'yo mismo, ang mga bagay ng sanlibutan! Bitawan n'yo, ang

walang kuwentang malalambot na pangangaral. Amen. Ang Ebanghelyo ang ipangaral n'yo. Sinabi mismo ng Diyos. "Kung iniibig n'yo ang sanlibutan, o ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala mismo sa inyo."

105 Magagawa ng mga tao na magtatalon taas-baba, at makasigaw buong gabi, at makapagsalita ng iba't ibang wika na parang nagbubuhos ng gisantes sa tuyong balat ng baka; lalabas, kinabukasan ng umaga, na may init ng ulo na sapat para makipagkompetensya sa ingay ng de makinang lagari, na pupunta roon at magsasabi ng kung anu-anong tsismis sa iglesya na magdudulot sa buong iglesya na mawarak. Ito'y wala na ngang kung anong bagay sa mundo kundi mapanghikayat, na mga demonyong espiritu! Naisin n'yong bumalik sa Salita, kung saan ang Diyos ay kadalisayan, banal. Amen. Ganoon nga. Mga mapanghikayat na espiritu na tinatalata ang Salita ng Diyos!

106 Heto ang isang lalaki, di pa katagalan, may munting babae. . .Ang mga Katoliko nga'y may sandosena sa dako roon. Sa panahon ng kanyang menopause, lumalabas 'yun sa kamay nung babae't noo nung babae. Kung ang isang mabuting mangangaral na puspos ng Espiritu Santo. . .naisip ko. Yung lalaking 'yun ay may botelya nung bagay na 'yun, na lumalabas sa kamay nung babae, lumilibot siya na pinapahiran ang mga tao gamit 'yun. Whew! Kahabagan! Anticristo 'yun! Wala akong pakialam kung may dugo man na lumalabas mula sa kanyang ilong o mula sa kanyang ulo, o kung saan, kapatid, walang dugo ang makahahalili sa puwesto ni Jesus Cristo na Anak ng Diyos. Yun lang ang tanging Dugo na nalalaman ko. Marahil may langis 'yung babae na lumalabas sa isa sa kanyang kamay, at alak naman sa isa, pero, kung gagamitin n'yo nga 'yun sa kung anong uri man ng relihiyon, 'yun nga'y sa diyablo. Grabe't ang makita ang mga mangangaral na nahuhulog sa bagay na gaya nun!

107 Ang kailangan natin, ay bumalik sa Aklat ng Gabay, pabalik sa Salita ng Diyos! Ito ang Salita ng Diyos, ang pinagpalang matandang Biblia. Sasabihin, "Buweno, natatakot akong maging ganoon, Kapatid na Branham. Natatakot ako na maiwawaglit ko ang ilan sa kaligayahan ko." Anong problema? Hindi n'yo alam kung ano ba talaga ang kaligayahan.

108 Nasabi ko noon na hindi ko kinokondena ang lasenggo sa paglabas niya't pagkakalasing. Sinusumpong siya. Hindi niya alam kung ano ba. Babangon siya, isang umaga, nakakaramdam siya ng lungkot, may hangover. Lalabas at kukuha siya ng dalawa o tatlong bote ng serbesa, tapos lalabas at kukuha ng wiski, at lahat ng ganoong uri nun.

Yung munti ring lulong sa sigarilyo'y mauupo roon at maninigarilyo, at magpapalabas ng usok sa kanyang ilong na para siyang tren ng kargamento. Ganoon kasi. Hindi ko siya

masisi; ’yun lang kasi ang kaligayahn na alam niya. Yun lang ang buong nalalaman niya. Isa siyang baboy, sa kalikasan.

109 Mahiya kayo na nag-aangking Cristiano at umaasa sa ganoong mga bagay para lumigaya, samantalang ang Espiritu Santong Ebanghelyo’y wala nang iba kundi isang dakila’t malaking planta ng kaligayahan. Ang Espiritu Santo’y isang ganap na pagkalasing para sa bawat tao na nakakaramdam ng lumbay. Kinakailangan n’yong uminom ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo, mapuspos ng Espiritu Santo, kayo nga’y magiging lasing hanggang sa umalis kayo ng mundong ito, amen, na may galak na di masayod at puspos ng kaluwalhatian. May tuluy-tuloy na kasiglahan. Ito’y tuluy-tuloy na pagkalasing, araw at gabing lasing! Amen. Yun ang Salita ng Diyos.

110 Hayan nga ang iglesya, na tumatanggap ng ibang bagay. Kinakailangan daw nilang magkaroon ng munting kasiyahan kung saan nagpupunta silang lahat sa tabing-dagat, para malibang. Kasiyahan sa paglalaro ng baraha na pupunta ang lahat, tapos ’yun ang pakikisama. Hayan nga. Magpapasayaw, kung minsan, sa isa sa mga bahay ng miyembro, kung minsan pa nga’y sa ilalim na silid ng simbahan. Sayawan, ginagawa ’yung ganoon, sinusubukang gumawa ng isang bagay para mapunan. Anong problema? Sila’y malaking bunton lamang ng mga baboy, kung tutuusin. Sila’y talagang mga baboy, sa simula’t sapul. Kung magawa lamang nilang makipag-ugnay kay Cristo, sila nga’y mapupuno ng kagalakan, na ang mga bagay na ’yan ay magiging mas patay pa kaysa sa hatinggabi, para sa kanila. Ebanghelyo, malasing sa Espiritu, galak na di masayod at puspos ng kaluwalhatian.

111 Huwag n’yong kondenahin ang makasalanan; mahabag kayo sa kanya. Hayaan n’yo siyang ipatuloy at manigarilyo sa kanyang pipa, hayaan mo siyang uminom ng alak niya, hayaan n’yo siyang magkasiyahan sa pagbabaraha. Yun ang kasiyahan niya. Huwag n’yo siyang sisihin. Haya’t uuwi’t lahat na, pagod at pagal na pagal, gusto nga niya ng kasiyahan. Ang bagay nga na dapat n’yong gawin ay mamuhay nang maka-Diyos na buhay na mapapatunayan n’yo sa kanya na ang Ebanghelyo’y naglalaman ng sampung libong beses na kahigitan kaysa riyan, para sa kanya. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] At kung mamatay siya sa estado na ’yun, pupunta siya sa impyerno, dahil sa kanyang alak. Yun nga’y paglalasing ng diyablo. Kung mamatay siya, na kaladkad ang kanyang lumang pipa, ang Diyos ang kanilang Tagahatol. Kung mamatay siya, na nagpupunta sa ganito, nagsasayaw, at nagpupunta-punta sa kung saan-saan suot ang imoral na damit, ang Diyos nga ang kanilang Tagahatol.

112 Pero may isang bagay nga, kung mamatay ka sa ilalim ng pahid ng Kapangyarihan ng Espiritu Santo, kagaya ni Esteban noong tumingala siya sa harapan ng Diyos, sabi, “Nakikita kong

nagbukas ang Langit, at nakatayo si Jesus sa kanan," kayo nga'y patungo sa Langit, gaya ng ibong martin sa pugad nito. Amen.

113 Mapanghikayat na mga espiritung tinatalata ang Salita ng Diyos! Bitawan n'yo, pakawalan n'yo. "Paano mo magagawa, Kapatid na Branham?" Basta bitawan n'yo lang. Yun lang ang kailangan n'yong gawin. Panghawakan n'yo ang Salita ng Diyos. Huwag n'yo nang subukang magbunsod ng kung ano. Hindi n'yo na kailangang pumunta pa sa may altar at pumukpok nang pumukpok, na sisigaw, "Diyos, ipagkaloob Mo po sa akin ang Espiritu Santo! Panginoon, ipagkaloob Mo po sa akin ang Espiritu Santo!" Hindi Siya darating, sa pagpukpok at pagpukpok n'yo sa may altar. Hindi 'yan magbubunsod ng mabuti. Hindi. Hindi sa ganyang paraan Ito dumarating. Ito nga'y, panghawakan Siya sa Kanyang Salita!

114 Tingnan n'yo noon si Pedro. Nasa panganib si Pedro, mukha ngang mamamatay na siya. At nakita niya ang Panginoon na dumarating, na lumalakad sa ibabaw ng tubig. Tapos sabi niya, "Panginoon, kung Ikaw po 'yan, ipinamamanhik ko na palapitin ako."

Sabi ng Panginoon, "Halika."

115 Ano kaya kung sinabi ni Pedro, "Ngayon sandali lang po, Panginoon, tulutan Mo po akong mag-ayuno nang apatnapung araw, para makita ko kung makakalakad ako sa ibabaw ng tubig na 'yan, o hindi. Oh Panginoon, hayaan Mo na makakuha muna ako ng sapat na Espiritu sa kaibuturan ko, na ako'y makasasayaw muna sa Espiritu at makakapagsalita ng iba't ibang wika, sa bangkang ito, para ako'y makakahakbang na papunta riyan"? Hindi, nga! Pinanghawakan niya ang Diyos sa Kanyang Salita, bumitaw siya at pinakawalan. Pinalakad siya ng Diyos.

116 Ano kaya kung noong nakatagpo ng Diyos si Moises, ay sinabi Niya, "Moises, pumunta ka roon sa Egipto, at sabihin kay Faraon, 'Palayain mo ang bayan Ko'"? Ano kaya kung nagsabi si Moises, "Itulot Mo akong mag-ayuno muna nang apatnapung araw, tapos, at titingnan ko kung may sapat akong pananampalataya para tumalima sa Iyo, Diyos. Pagkalooban Mo muna ako ng isang bagay, isang bagay na kakaiba, Panginoon. Hayaan Mong sabihin ko sa Iyo ang isang bagay, itulot Mo ako na makita kung makadadako ba ako sa Espiritu, unang-una"? Hindi nagtanong si Moises, pinanghawakan lamang niya ang Diyos sa Kanyang Salita, at humayo na. Sa ganyang paraan mo nga ito magagawa, panghawakan ang Diyos sa Kanyang Salita. Pagkatapos malalaman n'yo nang kaya n'yo nang gawin ito. Hindi siya naghintay ng kung anong bagay na mangyayari muna, nagtungo siya mismo't ginawa ito.

117 Paano naman si Elias, noong bumaba siya sa Bundok ng Carmel, namalagi siya roon nang mahabang panahon?

At nakatagpo niya ang isang mahirap na babaing balo. Isa siyang . . . Isa siyang dayuhan, isang Gentil. At noong makatagpo niya ’yung babae sa dako roon, ’yung babae’y namumulot ng mga patpat, sa bakuran. At sinabi ng Diyos sa propeta, “Magtungo ka roon sa bahay na ’yun ng balo.” Grabe ngang dako para puntahan ng mangangaral!

118 Heto na’t nagtungo siya roon sa bahay nung balo. At ang ginagawa nung balo, siya’y may dalawang patpat. Sabi, “Anong ginagawa mo?”

119 Sabi, “Namumulot ako ng ilang patpat. May sapat lang akong harina para gumawa ng dalawang tinapay na mais. Yun lang ang natitirang mayroon ako. Tatlong taon na rin mula noong may ulan kami.” Tapos sabi, “Pagkatapos iluluto ko itong mga tinapay na mais na ito. At ako at ang aking anak na lalaki’y kakainin ’yun, at mamamatay na.”

120 Sabi ng propeta, “Gawan mo ako ng isa, muna!” Hallelujah! Oh, alam ko na para bang medyo kahibangan ’yun, pero ako nga’y nasa panig ng Panginoon, ano’t anuman. Sabi, “Gawan mo ako ng isa, muna. Dahil, GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” Hayan nga.

121 Ano ’yun? “Hanapin n’yo unang-una ang Kaharian ng Diyos, at ang Kanyang katuwiran.” Hindi Kaharian ng Diyos at “munting ingay,” hindi Kaharian ng Diyos at “munting emosyon,” hindi Kaharian ng Diyos at “munting *ganito* o *ganoon*.” Kundi, “Ang Diyos, at ang Kanyang katuwiran, at ang lahat ng iba pang bagay ay pawang idaragdag sa iyo.” Unahin mismo!

122 Ngayon, napakinggan ’yun nung babaing balo. “Ang pananampalataya’y nanggagaling sa pakikinig, pakikinig ng Salita.” Ang sabi ng balo, “Yan nga’y Salita ng Panginoon, dahil banal na lingkod ’yan ng Diyos. Propeta ’yan ng Diyos, at nalalaman ko na ’yan ang Katotohanan. At Salita ’yan ng Diyos.”

123 Ngayon, hindi siya tumakbo papunta sa kabila para tanungin ang mga kapitbahay kung paano gawin ’yun. Hindi siya nagtungo para itsismis ’yung kanyang . . . at sabihin sa mga kapitbahay, na sasabihin, “Ngayon, anong sa palagay mo? Nasa bahay ko kasi ’yung mangangaral, na sinasabi ’yung *ganito*. Susie, anong palagay mo *rito*?”

124 Pumasok siya, at nagsimulang sairin. Pinakawalan niya. Pinakawalan niya ang bagay na mayroon siya, nang sa gayon ay mas higit ang makuha niya. Yan ang kailangan ng mundo sa panahon ngayon, haya’t isang mainam na makalumang pagpapakawala ng bagay na mayroon ka. Hallelujah! Sinaid niya, nang sa gayon ay mapuno siya. Sinaid niya ang lahat ng langis na mayroon siya, at lahat ng langis na mayroon siya at ang lahat ng harina na mayroon siya, para sa mangangaral, para sa Kaharian ng Diyos. At nung ibinuhos niyang lahat ’yun

dun, bumaba ang Diyos, pinuno ang gusi ng harina, pinuno ang banga ng langis. Sinaid niya uli, sa plato nung mangangaral. At dumating Ito, para punuin uli 'yun. Kanyang sinasaid. Sa tuwing sasairin niya, Kanya ring pinupuno.

125 Sinasabi ko nga, ngayong araw, kung iwawaksi lang ng tao ang lahat nitong walang kabuluhan na pinaggagawa, at panggagaya sa Cristianismo, at hayaan ang Espiritu Santo na lumugar sa dako Nito, magkakaroon ng isang rebaybal na magsisimula sa Eighth at Penn Street na lalaganap sa buong bansa. Itigil n'yo ang walang kapararakan. Bumalik sa Salita ng Diyos. Sairin n'yo, nang sa gayon ay mapuno kayo. Bumitaw kayo, at hayaang dumating ang Diyos. Sairin n'yo, ang Diyos ang magpupuno. Lahat ng di mahahalagang bagay, ng, "Kinakailangan mong gawin ang *ganito*, at kinakailangan mong gawin ang *ganoon*; at kinakailangan mong gawin ang *ganito* at kinakailangan gawin ang *ganoon*." Kalimutan n'yo 'yan! Iwaksi n'yo mismo mula sa inyong kaluluwa!

126 Sabihin n'yo, "Diyos, itulot Mo na ako, mula sa buong... sa araw na ito, ay maging Iyong-Iyo ako. Panginoon, ako'y lumalapit na may bagbag na puso. Lumalapit po ako na may nagsisising espiritu. Iniibig Kita. Batid Mo na iniibig Kita. At nais kong kalimutan ang lahat ng kahangalan ng lahat nitong pag-aayuno nang apatnapung araw at tingnan kung makalalapit ba ako nang mas malapit sa Diyos, at lahat nitong *ganito*, *ganoon*, kung anong *iba pa*, lahat ng walang kabuluhan na ito."

127 Itigil n'yo! Wala sa Salita na nagsasabi sa inyo na kinakailangan n'yong mag-ayuno nang apatnapung araw. Wala maski isa. Wala nga ni isa sa mundo na nagsasabi sa inyo na mag-ayuno kayo, maliban na sabihin sa inyo ng Diyos. Kung mag-aayuno kayo, hindi kayo dapat magugutom, at lumabas na gagawin ang mga bagay na ito. Sa pag-aayuno n'yo nga, kapatid, kayo'y dapat mapuspos ng galak at magiging masaya sa tuwina. Sabi, "Huwag kayong magpakita sa mga tao gaya ng ginagawa ng mga mapagpaimbabaw, na may mahaba't, malungkot na mukha. 'Nag-aayuno kasi ako nang apatnapung araw. Di na kasya't maluwag na sa akin ang pustiso ko. Nabawasan ako ng tatlumpung libra, at sinabi nila sa akin na mas mainam akong tingnan pagkatapos ng lahat ng ito.'" Oh, kalokohan! Ang mapanghikayat na mga espiritu 'yan ng diyablo.

128 Dadako sa may altar, at uusal ng "luwalhati, luwalhati, luwalhati" hanggang sa di na kayo makapagsalita ng kung ano pa, at sasabihin, "Kinakailangan n'yong makapagsalita sa iba't ibang wika bago n'yo matanggap ang Espiritu Santo." Kalokohan! Iwaksi n'yo 'yan!

129 Alisin n'yo 'yan sa katawan n'yo at dumulog sa Salita ng Diyos! Ang sabi niya, "Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa

ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin n'yo ang kaloob ng Espiritu Santo." Kung di tuparin ng Diyos ang Kanyang Salita, hindi Siya Diyos. Amen. Iwaksi n'yo. Hayaan n'yong mapuspos kayo. Amen. Whew! Gustung-gusto ko 'yun. Yun ang Salita Niya. Diyos mismo ang may sabi nito. Tama. At kapag Diyos ang may sabi, aasikasuhin ito ng Diyos. Buweno. Lahat ng preparasyon na magagawa n'yo, lahat ng pagdalo sa simbahan na magagawa n'yo . . .

130 Kagaya nga rito sa talyer ng sasakyan kung saan gumagawa sila ng malalaki't ilang kargamento, o, malaki't ilang pampasaherong bagon. Dati nga akong nagtratrabaho sa ganoon. At trinatrabaho't bumubuo sila roon ng malalaking bagon at lahat na, at nilalagyan ng matigas na kahoy, may kalupkop na kamagong sa buong palibot, at ang buong 'yun ay napakaganda naman, ilalagay roon sa riles, at kasing patay nga 'yun ng pakong di na puwedeng gamitin. Naroon 'yung makina, walang usok. Nandun lang.

131 Ang kailangan nito sa panahon ngayon ay apoy sa pakuluan. Ang kailangan nito sa panahon ngayon ay usok. Ang kailangan nito sa panahon ngayon, ng iglesya, para kumulo; at ang pinaka mainit na bagay na nagpapakulo para pakuluan ang kasalanan paalis sa inyong buhay, ay pag-ibig. At kung di n'yo magawang ibigin ang isa't isa, paano n'yo iibigin ang Diyos Na hindi n'yo nakikita? Ang pag-ibig ay pumapawi ng maraming kasalanan. Dumako kayo sa pag-ibig kalakip ang Diyos, pagkatapos nga'y iibigin n'yo ang isa't isa, pagkatapos iibigin n'yo ang iglesya, iibigin n'yo ang Layon, iibigin n'yo ang lahat ng sa Diyos, at lalayo kayo mula sa mga bagay ng sanlibutan.

132 Ang mga mapanghikayat na mga espiritu'y gumagala na sinasabi sa mga tao ang *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*, "Kinakailangan nilang gawin ang *ganito*. Kinakailangan nilang gawin ang *ganoon*." Ang dahilan ay dahil nagsulputan ang mga denominasyon, at mayroon lang silang salat na kapahayagan na sinasabi nila, "Buweno, ngayon, naniniwala na ako na ang isang tao . . . Naniniwala ako sa ganoong bagay na pagsigaw sa Biblia." Tama. Totoo naman 'yan. Ginawa nga lang nilang denominasyon, "Kapag nakakasigaw ka na, natanggap mo na Ito." Pero hindi pa.

133 Susulpot nga ang isa, magsasabi, "Pagsasalita ng iba't ibang wika." Tama naman. Nasa Biblia 'yan. "Buweno, kung nakakapagsalita ka na ng iba't ibang wika, natamo mo na Ito." Pero marami sa kanila ang nakakapagsalita sa iba't ibang wika't di naman tamo Ito. Kita n'yo? Hindi kasi ito Yun. Hindi, nga.

Marami sa kanila ang nagsasabi, "Buweno, kinakailangan nating magpropesiya."

134 Tingnan n'yo itong mga propeta rito na naglagay ng mga sungay sa kanilang ulo, tumatalon-talon taas-baa at nagpropropesiya. Sabi ni Micaya, "Kayo, ang bawat isa, ay

nagsisinungaling." Amen. Tama. Hindi ganoon ang pagdating ng Diyos. Ang Diyos ay dumarating sa sinserong puso na lumalapit nang may pagsisisi't, bagbag na espiritu. "Ang humahayo, na nagsisihasik na may luha, ay di salang babalik muli na may kagalakan, na dala ang kanyang mahahalagang tangkas." Amen. Sikapin n'yong maitama, kaibigan.

135 Talamak na demonolohiya, mga demonyong kumikilos sa mga kaluluwa ng tao! Masdan n'yo kung saan nito ipinamumunga ang bunga nito. Masdan n'yo kung anong klaseng buhay ang ipinamumuhay ng isang tao. Tingnan n'yo 'yung paraan ng pagkilos nila, matyagan n'yo 'yung paraan ng paggawa nila, tingnan kung anong mga motibo nila. Napakaimposible nga. . .At kung sabihin ko sa inyo, "Ang tanging paraan. . .Heto ang mga kotse, ang lahat ay nakapila rito. Ang Langit ay nasa Charlestown. Hindi ka maaaring lumakad. Ang tanging paraan na makakapunta kayo, ay sa isang kotse. At bawat tao na tatawid sa linya ay kinakailangang magdala ng limang galong gasolina." Heto ang kotse niya, pero kung wala siyang gasolina ay di niya ito mapapaandar. Buweno, 'yan mismo, ganap na daan patungong Langit. Kung mamamatay kayo nang walang Diyos, wala akong pakialam kung gaano man kayong nabuhay at kung gaanong kotse ang nabuo n'yo, kung ang pag-ibig ng Diyos ay wala roon para hatakin kayo patungo sa Kaharian ng Diyos, mapapahamak kayo.

136 May negatibo at positibo. Kahit na gaano pang kapositibo ang pagpapagana sa kuryente rito, kung wala itong kawad ng ground, hinding-hindi ito iilaw. Tama. Kinakailangan n'yong maiugat, maikapit sa pag-ibig ng Diyos. Oh, kapatid! Dalhin n'yo ang negatibo at positibo na maglakip, magkakaroon ka ng isang Liwanag, ang mainam na makalumang Ebanghelyong Liwanag. Hayaan n'yong kumalat Ito mula sa baybayin hanggang sa baybayin. Hindi n'yo Ito matatamo kung wala ito. Kahit na gaano pang pag-aalog at paglulundag ang gawin n'yo sa positibo, kinakailangan n'yo 'yung kawad ng ground para pakislapin ang Liwanag. Amen.

137 Napansin n'yo ba? Kapag maglalagay kayo ng kawad ng ground dito na nakakabit dito, haya't bawat katiting nito'y babalik dito sa substation, pababa sa lupa mismo. At sa tuwing ang isang tao'y maiugat at maisadsad sa Salita ng Diyos, pinauugat at pinakakapit siya nito sa Kalbaryo, sa ibayo, kung saan ang angkla, ang posteng pinagtatalian ng Diyos ay hinahatid 'yun dun, para pakislapin ang Liwanag ng Ebanghelyo. Amen.

138 Alam n'yo ba kung anong problema? Ang mga tao diyan sa naglalakiha't malalamig na pormal na mga morge rito, na nagkukunwaring nangangaral ng Ebanghelyo. May munting mangangaral na lumapit sa akin kahapon, kasapi siya sa isa sa

pinakamalaking denominasyon na mayroon sa bansa ngayon, maliban sa Katoliko. Sabi niya, "Kapatid na Branham, sawa na ako't pagod na." Sabi, "Lahat kaming mga mangangaral ay pinagsusuot ng mga balabal at nagbabaligtad ng kulyar, at—at papangaralin ng ilang partikular na bagay. At sasabihin nila sa amin kung anong ipapangaral, bawat sangkapat ng taon." Sabi niya, "Hindi ko na maatim pa." Sabi niya, "Ano bang dapat kong gawin? Kinakailangan ko bang umpisahang ipangaral ang Ebanghelyo?"

139 Sabi ko, "Kapatid, hangga't nasa denominasyon ka na 'yan, irespeto mo. Sabihin mo ang pinasasabi nila sa'yo. Pero lumapit ka sa presbitero mo o superintendent ng estado mo, at sabihin, 'Ginoo, ako po'y ipinanganak nang muli ng Espiritu ng Diyos. Heto ang Salita ng Diyos. Kung tutulutan n'yo ako na ipangaral Yan, mananatili ako sa iglesya n'yo. Kung hindi, aalis ako. Ibibigay ito sa iba.'" Ganoon nga ang pamamaraan. Huwag na kayong magpaligoy-ligoy pa. Huwag kayong negatibo. Pumaroon kayo at sabihin kung ano ba talaga. Siyanga.

140 Sabi niya, "Kapatid na Branham, sa palagay mo ba magkakaroon pa ako ng kongregasyon sa lagay na 'yan?"

141 Sabi ko, "Kung saan naroon ang Katawan, magtitipon ang mga Agila." Ganoon nga, sila'y susunod mismo.

142 Gaya nung isang lalaki, minsan, na nagpapapisa ng mga manok. Ngayon, hindi po ito biro. Hindi ko sinasabi ito nang pabiro. Sinasabi ko ito para may ipunto. Pinaupo niya 'yung mga manok niya, at wala siyang sapat na itlog. Kaya naglagay siya ng itlog ng itik sa ilalim ng isa. At noong mapisa na ang lahat ng itlog, 'yung itik nga'y 'yung pinaka kakatwang-tingnan na bagay na nakita kailanman ng mga manok. Hayan nga na 'yung inahing manok ay kukurukok sa mga manok at 'yung mga mumunting sisiw ay magsisilapit, pero 'yung itik nga'y di nito alam 'yung lingguwahe. Pero, isang araw, pinangunahan sila nung matandang inahing manok sa likuran ng kamalig. May sapa dun sa likod ng kamalig. Noong maamoy nung munting itik 'yung tubig dun, kumaripas siya mismo sa tubig sa abot ng makakaya niya. Sabi nung matandang inahin, "kruk, kruk, kruk." At sabi nung munting itik, "honk, honk, honk." Dire-diretso siya dun sa tubig. Bakit? Isa siya kasing itik, sa kalikasan nito. Noong maamoy niya 'yung tubig, kapatid, hindi nga niya mapigilan ang sarili niya roon, dahil isa siyang itik.

143 At gaya ng sinasabi ko ngayon, sinumang tao na talagang nagnanais na mahanap ang Diyos, hindi nila mahahayaan ang anumang simbahan na idikta sa kanila ang mga bagay na di nila maipamuhay, na *ganito* o kung *ano pa*. Kung nasa inyo ang kalikasan ng Diyos, kayo'y dadako nga mismo sa kabanalan. Pupunta't pupunta ka sa tamang bagay. Tatayo at tatayo kayo para sa tamang bagay. Gagawin at gagawin n'yo ang tamang

bagay. Iisipin n'yo mismo ang tamang bagay. Ipapamuhay n'yo ang tamang bagay. Kung kayo'y isang itik, ibig n'yo 'yung tubig. Kung kayo'y isang Cristiano, ibig n'yo si Cristo. Kung kayo'y isang diyablo, gusto n'yo 'yung mga bagay ng diyablo. Kung kayo'y buwitre, kakainin n'yo 'yung mga patay na bagay. Kung kayo'y isang babaoy, kakain kayo ng dumi. Nasaan kayo ngayon? Siyanga. Inaangakin n'yo na narito kayo sa itaas, na kinakain ang mga bagay ng Panginoon, tapos huhukot at mauugatan sa diyablo. May kung anong bagay na mali rito. Itigil n'yo ang pakikinig sa mga espiritu na ito; ang mga ito'y diyablo. Kahit na manindigan pa kayo nang mag-isa. Ang mga kalalakihan at mga kababaihan na humantong na kahanga-hanga, ay halos, mga kalalakihan at mga kababaihan na nanindigang mag-isa sa Diyos.

144 Tingnan n'yo si Micaya, kung paano siya nanindigan noon; hindi sa parang bato ng Gibraltar, kundi sa Bato ng Mga Kapanahunan. Ang sabi niya, "Hindi ako magsasalita ng anupamang iba . . . Wala akong pakialam sa kung anong sinasabi-sabi ng seminaryo. Wala akong pakialam kung ano ang sabi-sabihin ng kongregasyon ko. Wala akong pakialam kung anong sabihin ng hari. Kung pugutan man nila ako ng ulo, sasabihin at sasabihin ko lamang ang bagay na inilagay ng Diyos sa aking bibig na sabihin." Tama siya. Tama siya.

145 At ngayon, ang mga kalalakihan at mga kababaihan, hindi sila nagbibigay-atensyon sa kung anong hatid ng sanlibutan para sa inyo, kahit na ano pang kaaliwan ang dala nito, kung ano mang mikrobyong bakuna na mayroon sila, at mag-aangkin, "Kung aanib kayo sa iglesya, magiging maayos ang lagay n'yo." Huwad na pagbabakuna 'yan. Bakit? Nasa iyo pa rin ang sakit na kasalanan. Ganoon nga. Pero sinasabi ko nga sa iyo ang isang bagay, kapatid, na makapagbabakuna sa inyo palayo sa kasalanan, 'yun ay, lumapit sa mayamang Dugo ng Panginoong Jesus Cristo at mapuspos ng Espiritu Santo, at babakunahan kayo nun mula sa lahat ng kasalanan, at ang inyong mga pagnanais ay patungong Langit, at mawawalan na kayo ng panahon para sa mga bagay ng sanlibutan.

Manalangin tayo.

146 Makalangit naming Ama, kapag nakikita namin ang mga mapanghikayat na mga espiritu na ito sa mga tao, at nalalaman na hinahamak nila ang mga bagay ng Diyos, dalangin ko, Diyos, na Iyong hahawakan ang bawat lalaki at babae na narito ngayong araw na ito. Maibunsod nawa ang araw na ito, Panginoon, na mapagtatanto nila na ang kanilang buhay ay di tumutugma sa Salita. At sila kasi'y matagal nang nakikinig sa maling bagay, na ginagawa silang kampante ng diyablo sa pamamagitan nitong bulok na mga True Story magasin, na panis na nabubulok na kabalighuan ng mundo, at salot na mga palabas na pelikula't maruming telebisyon. Oh Diyos, grabeng

kaimposibleng bagay para tingnan ng isang Cristiano! Diyos, nasusuya kami rito. Sinabi Mo na Ikaw ay nasusuya rito, na parang nasusuka. Sinabi Mo, “Ang isang aso’y bumabaling sa suka nito, at ang isang—at ang isang baboy ay bumabalik sa lublubang putik nito.” Ang isang matanda ngang aso’y susuka. Kagaya ng isang kalahatiang-ipinanganak, na ipinagpapalagay nga, na mapagpaimbabaw na tao na dumudulog dun sa altar, at kunwaring isusuka na ang sanlibutan; pero nagpapatuloy pa rin, binabalikan at kinakain ’yung bagay na ’yun uli. Oh Diyos, Iyo pong linisin ang Iyong bahay, Panginoon. Hallelujah! Iyo pong ipadala ang Espiritu Santo na may kalakip na makalumang kumbiksyon na maglilinis sa gana ng isang tao at maglilinis sa kanyang kaluluwa, at lilinisin siya at gagawin siyang isang nilalang na patungo ng Langit. Bigyan siya. . . Ipanauli ang kanyang kabataan at kanyang panata na tulad ng agila, nang sa gayon ay makaangat siya’t malampasan ang mga bagay ng sanlibutang ito, at pumailanlang sa Kalangitan sa ibayo kung saan matatanaw niya ang mga kaguluhan na paparating sa malayo pa lang. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

147 Iyong inihalintulad ang Iyong mga propeta sa kanila, sa mga agila, na may mga mata ng agila, na makadadako sa mataas at makikita agad ang mga bagay bago pa makarating dun. Oh Diyos, Iyo pong pagpalain ang munting iglesya na ito. Iyo pong pagpalain ang mga tao na dumadalo rito. Pagpalain ang mga estranghero sa mga pintuan ngayon. At ipaalam sa kanila na ang Mensaheng ito’y hindi direktang patama sa kung sino man, bagkus ay direktang sadya, Panginoon, sa kanila na mga nangangailangan nang lubha; yamang nalalaman na balang araw ay kinakailangan naming lahat na tumayo sa paghatol ng Diyos, at yamang nalalaman na kami’y papanagutin sa pagkaalam ng Katotohanan at hindi Ito sinasabi. Ama, dalangin ko na ihahatid ito sa bawat puso. Sa Pangalan ni Jesus.

148 Habang nakayuko ang ating mga ulo pansumandali, iniisip ko kung mayroon dito sa umagang ito na nais magsabi, “Kapatid na Branham, sawa’t pagod na ako sa mumunting lumang mga bagay na ito. May maliliit na di mahalagang bagay na nakasabit-sabit sa akin nang matagal na panahon. Lagi akong—lagi akong sumasabat. Ako—ako’y nakakagawa ng mga bagay na di ko dapat gawin, at alam ko naman ito. Hindi nga nararapat para sa isang Cristiano. Ayaw ko pong gawain ’yun; batid ng Diyos na ayaw kong gawin. At ayaw ko nang makinig sa matandang espiritu na ’yun. Ito nga’y bagay na isinasadlak ako nang buong buhay ko, mula sa pagkakaroon ng tunay na pag-ibig at kalayaan kay Cristo. Nais kong ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham, na ito’y—ito’y lumubay sa akin mula sa araw na ito.” Maaari n’yo bang itaas ang inyong kamay? Bawat ulo na nakayuko. Pagpalain kayo ng Diyos. Oh, grabe, sandosenang mga kamay ang nagsipagtaas! Mumunting di mahahalagang

bagay, mumunting lumang bagay na nagdudulot sa inyo na magsalita't magpaumpisa ng kung anong munting pagtatalo-talo sa iglesya, inuudyukan kayo na pumanig sa kung anong bagay nang gaya nun. Oh, hindi 'yan maka-Diyos. Yan nga'y di-pagkakasundo sa pagitan ng magkakapatid. At huwag n'yong gawin 'yan. Ayaw n'yo ng ganyan. Ayawan n'yo ang ganyan at mumunting lumang bagay, gaya ng mumunting dati nang init ng ulo at lahat na, para isadlak kayo.

149 Sasabihin, "Diyos, ayaw ko na ng bagay na ito. Ako'y sawa na't pagod na rito. Handa na akong iwaksi ito ngayong araw na ito. Ako'y dumudulog na ngayon, Panginoon, at nais ko nang lumayo mula sa lahat ng aking pagkamakasarili. Kung di tama ang trato sa akin ng aking kapatid, ako'y mananalangin pa rin para sa kanya ano't anuman. Kung di tama ang trato sa akin ng aking tatay, iibigin ko pa rin siya ano't anuman. Kung di tama ang trato sa akin ng maybahay ko, o ng asawang lalaki ko, ako'y dadako pa rin, nang may kababaan ng loob, sa harap ng Diyos. Diyos, ako'y nakatuon lamang sa Iyong Kaharian. Nais kong maituwid ang aking isip. Nais kong mapuno ang puso ko ng kagalakan. Nais kong humayo, sa panahon na talagang humuhugong ang kaguluhan sa paligid ko, haya't nais ko pa ring panatilihin ang mga kamay ko na nakataas at ang puso ko na dalisay sa harapan Mo, Panginoon, yamang nalalaman ito, na balang araw ay kakatagpuin Kita. Nais ko po ng ganoong uri ng karanasan. Panginoon, gawin Mo po akong ganoon, mula sa araw na ito."

150 Maaari mo bang itaas ang kamay mo, sa iba pa na di nakapagtaas ng kanilang kamay kanina. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Kapatid na babae, maaari mo bang bigyan kami ng munting tipa habang nakayuko ang aming mga ulo. Gaano nga kayong kaseryoso rito? Huwag n'yong gawing laro ngayon. Hindi ito oras ng laro. Ito'y oras ng pagtanggap. Oras ito na kinakailangan n'yong gawin Ito. Halikayo, iwaksi na ito ngayon mismo. Magagawa n'yo ba? Halikayo, ibigay n'yo ang lahat ng mayroon kayo sa Diyos. Sabihin, "Diyos, hindi po ito marami. Ako'y munting maybahay lamang. Hindi ako makagagawa ng marami, Panginoon, pero magagawa kong—magagawa kong basahin ang Iyong Biblia, magagawa kong manalangin araw-araw. Magagawa kong itapon ang lahat ng basura na nasa isip ko. Magagawa kong ibasura ang lahat ng bagay na 'yan. Ako'y may sala sa lahat ng bagay na sinabi ng mangangaral na 'yan sa umagang ito, kaya aking—aking ibinabasura ito sa araw na ito. Ayaw ko na ng ganito. Diyos, Iyo pong punuin ako ng pag-ibig. Punuin ako ng bagay na magbubunsod sa akin na ibigin ang pinakamapait kong kaaway. Nais ko po talaga, Panginoon."

151 Habang tumutugtog ang kapatid na babae rito, maaari ba kayong lumapit ngayon at tumayo sa may altar pansumandali,

habang nagtitipon-tipon tayo para sa pagdulog na panalangin. Kung talagang seryosong-seryoso kayo ngayon, kung handa na talaga kayong talikuran ito hindi kayo aalis ng altar na ito ngayong araw na may ganyan sa puso n'yo, kung lalapit kayo nang may sinseridad. At sabihin, "Ako po'y lalapit na rito para tumayo mismo, pansumandali, Kapatid na Branham, siyanga, habang dumudulog ka ng panalangin kasama ko, nang personal." Nais kong—nais kong lumapit kayo, manalangin. Maaari ba kayong lumapit na ngayon? Habang nakayuko ang mga ulo n'yo, sino pong nagnanais tumayo at dumako sa may altar, tatayo sa palibot ng altar?

Pass me not, O gentle Saviour,
Hear my humble cry;
While on others Thou art calling,
Oh, do not pass me by.

Saviour, Saviour,
Hear my humble cry;
While on others Thou are calling,
Oh, do not pass me.

152 Kahit na gaanong katagal na kayong Cristiano, at nariyan pa rin sa inyo ang mumunting dati nang espiritu na bumubulong sa inyo, ibinubunsod kayo na bigla na lang magalit, ibinubunsod kayo na manirang-puri sa iba. Kapag may lalapit sa inyo at magtsitsismis tungkol sa ibang tao, napapasama ka kaagad sa kanila at, oh, basta na lang maninira. Mali 'yan, kapatid. Huwag n'yong gawin 'yan. Pananatilihin n'yan kayo sa labas lang ng ipinangakong Lupain. Kung nariyan pa rin sa inyo ang mumunting matandang bagay na dapat wala na kayo nun, kung ang pag-ibig ng Diyos ay wala talaga sa inyong puso, maaari ba kayong maging binibini at ginoo, na lalapit dito at magsasabi, "Diyos, dito mismo'y iwawaksi ko na ito, sa umagang ito, dito mismo. Ako'y aalis ng altar na ito na ibang tao na." Maaari ba kayong lumapit?

153 Mayroon bang makasalanan dito na hindi pa kailanman tinatanggap si Jesus, at batid n'yo na kayo'y makasalanan, hindi n'yo pa Siya kinikilala bilang inyong Tagapagligtas? Sabihin n'yo, "Kapatid na Branham, oo, batid ko na napakarami kong layaw. Nagpupunta ako sa mga sayawan at mga kasiyahan at lahat ng mga bagay na 'yun. Nanonood ako ng maling uri ng mga palabas. At ako'y—ako'y nagbabasa ng maling uri ng literatura. Nagbabasa ako ng mga bulok na libro na may mahahalay na kuwento. Medyo nasisiyahan pa nga ako sa pagbabasa ng ganito." Kapatid, may kung anong bagay na mali sa inyo. Ganyan kasi ang gana n'yo; kita n'yo, ipakita n'yo sa akin kung ano ang binabasa ng isang tao, ipakita n'yo sa akin kung ano ang pinapanood niya, parinig ng tugtog na pinakikinggan niya.

154 Noong isang araw lang, habang nakasakay ako sa kotse,

may tao na umabot at binuksan ang radyo ko, sa kung anong klase ng mahalay na tugtog. Sabi ko, “Patayin mo ’yan. Ayaw kong mapakinggan ’yan.” Haya’t kung anong matandang boogie-woogie na tugtog.

Sabi, “Bakit, gusto ko ngang pakinggan ’yun.”

Sabi ko, “Mali ang kalikasan mo. Mali ka.”

155 Noong nasa labas naman ako rito, mga ilang araw lang pagkatapos nun, doon sa itaas sa gilid ng bundok o gilid ng burol, na nangingisda, kasama ang tao na ’yun. Yung mumunting mga ibon nga’y humuhuni. Yung mga ibong alondra’y pumapalakat. Yung matandang ibong martingale ay lumilipad sa ere, o nightingale, na umaawit ng mga papuri. Tinawag ko ’yung pansin nung binata, sabi ko, “Tingnan mo, iho, ’yan ang musika ko. Hayaan mong nakabukas lang ito. Yan ang radyo ko. Ipinapadala sila ng Diyos para awitan ako habang narito ako. Pinapakalma nito ang kaluluwa ko.”

156 Mas maganda ’yun kaysa sa lahat ng matatandang hangal na bagay, na mga lumang juke box na dumadagundong, nakatodo, na di ka nga halos makakain sa isang pampublikong lugar. Ganyan ang pagkain ng diyablo. Bahay ’yan ng diyablo, ang lahat ay sinalaula ng kasalanan. Kayo ba’y makikihalubilo sa ganoon at matutuwa sa ganoon? Kapag maghuhulog kayo ng pera dun sa munting lumang mga jukebox na ’yun, at hayan na nga ang lahat ng mahahalay na bagay na lumalabas dun, natutuwa ba kayo sa ganoon? Mahiya kayo. Isa kayong backslider. Malayo kayo sa Diyos. Hindi n’yo kilala ang Diyos. Kung kilala n’yo kasi ang Diyos, sa kapatawaran ng inyong mga kasalanan, hindi kayo makikinig sa ganoong walang kabuluhan na mga bagay. Magiging patay kayo sa ganoon. Inyo—inyo ngang isusuka ’yun. Ayaw n’yo ng ganoon. Ang pagkain n’yo kasi’y mas mainam. Iniibig n’yo ang Diyos. Maaari ba kayong lumapit sa umagang ito, lumuhod dito kasama ang iba pang nagtatapat ng pagkakasala sa umagang ito?

157 Heto ang mga kalalakihan at mga kababaihan na nakaluhod dito, na mga Cristiano nang maraming taon na. Hindi ko ipinapalabas na di sila Cristiano. Haya’t ang sinisikap ko lang gawin ay sabihan sila tungkol sa diyablong ’yun, na pumupugad-pugad sa kanila, na inilalayo sila sa buong-kasapatan na Kagalakan. Ang Espiritu Santo’y Kagalakan. Kapatid, ako’y gumigising na lasing, nahihiga sa kama na lasing, ako’y lasing buong maghapon, lasing buong magdamag. Oh, gustung-gusto ko nga—gustung-gusto ko nga. . .Kapag ako’y nangingisda, napapaawit ako, “Huwag Mo akong lampasan, Oh mahinahong Tagapagligtas. Ang hibik ko ng kapakumbabaan ay Iyong pakinggan.” Nangangaso ako, at ako’y umaawit ng mga papuri sa Diyos. Ako’y nangangaral, ako’y. . .sa lahat ng dako na mapuntahan ko. Hindi ba’t nagnanais kayo na maging ganoon?

Puspos ng Espiritu Santo, Ito nga'y nagbibigay-sigla sa inyo. Oh, grabe! Kapag maririnig n'yo sila na umaawit ng marurumi't mahahalay na mga awitin, maaari n'yong awitin ito:

I am bound for the promised Land,
I am bound for the promised Land;
O who will come and go with me?
I am bound for the promised Land.

I am bound for the promised Land,
I am bound for the promised Land;
O who will come and go with me?
I am bound for the promised Land.

When shall I reach that blessful rest,
And be forever blest!
When shall I see my Father's face,
And in His bosom rest?

I am bound for the promised Land,
I am bound for the promised Land;
O who will come and go with me?
I am bound for the promised Land.

158 Hindi ba't sasama kayo, lalapit mismo? Naalala ko noong mga nasa limandaan tayo na nakatayo roon sa ibayo noong ako'y nagbabautismo ng sandaan at dalawampu, mga ganitong panahon din 'yun ng taon, dito sa tabing-ilog, noong ang dakilang Tala sa Umaga na 'yun ay dumating at suminag sa may ilog. Hallelujah! Isang Tinig ang nagsalita mula Rito, ang sabi, "Balang araw iyong palalaganapin ang Ebanghelyo sa buong mundo." Papaano nga na ang isang mahirap, na munting, ignoranteng binatang taga-bukid ay magagawa ang tulad nun? Biyaya lang talaga ng Diyos! Amen.

159 Oh, sino ngang makadadako at makahahayo? Iwaksi n'yo, isantabi mismo, ang bawat kabigatan n'yo ngayon. Huwag kayong makinig sa mga espiritung mapanghikayat. Halikayo, makinig sa Salita ng Diyos, sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON! "Mapalad ang mga nagugutom at nangauuhaw para sa katuwiran, sapagkat sila'y pupunuin."

160 Atin nang iyuko ang mga ulo natin ngayon habang mananalangin tayo kasama nila na narito sa may altar.

Minamahal na mga anak, nais kong alalahanin n'yo, sa umagang ito, nariyan kayo para isantabi ang bawat mabigat n'yong pasanin. Nariyan kayo para isantabing walang liwag ang bawat pasanin at kasalanan na madaling pumipigil sa inyo. Ang sabi ni Pablo, sa Mga Hebreo, sa ika-12 kabanata.

> . . .*yaman nga* na *tayo'y*. . .*nakukubkob ng* makapal na *bilang ng mga saksi, itabi namang walang liwag ang bawa't pasan, at ang pagkakasalang*. . .*pumipigil sa atin*,. . .

*At ano pa ang aking sasabihin? sapagka't*... *kukulangin ako ng panahon* kung...*sasaysayin ang tungkol pa kay Gideon,*...kay Balac, *kay Barac,*... *kay Samson,*...*kay Jefte; tungkol kay David,*...*kay Samuel at sa mga propeta:*

*Na ang mga ito sa pamamagitan ng pananampalataya'y nagsilupig ng mga kaharian, nagsigawa ng katuwiran, nangagtamo ng* pangako, *nangagtikom ng* bibig *ng* leon,

*Nagsipatay ng bisa ng apoy, nangakatanan sa talim ng tabak, nagsilakas* sa *kahinaan,* at *naging* mga...*makapangyarihan*...sa mga kaaway sa pakikipagbaka...

At *tinanggap ng mga babae ang kanilang mga patay sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli*...

*At ang iba'y* nakatanggap ng pagsubok, *malupit na* pagkalibak *at* mga pagkahampas,...*oo,* bukod dito'y, *sa mga tanikala at bilangguan naman:*

*At—at ang iba* na *nakatanggap* ng mga pagsubok... paglilibak...paghahampas...

...ang lahat ng mga ito'y *napatotohanan na dahil sa kanilang pananampalataya,*...

*At* ang lahat ng mga ito, *sila'y napatotohanan na dahil sa kanilang pananampalataya, ay hindi kinamtan ang pangako:*

*Na ipinaghanda ng Dios ng lalong mabuting bagay tungkol sa atin, upang* sila'y *huwag maging sakdal ng bukod sa atin.*

*Kaya't yamang*...*nakukubkob tayo ng* makapal na *bilang ng mga saksi, itabi namang walang liwag ang bawa't pasan, at ang pagkakasalang*...*pumipigil sa atin,* nang sa gayon ating *takbuhing may pagtitiis ang takbuhing inilagay sa harapan natin,*

*Na masdan natin si Jesus na gumawa at sumakdal ng ating pananampalataya; na siya dahil sa kagalakang inilagay sa harapan niya ay nagtiis ng krus,* ay niwalang bahala *ang kahihiyan, at*...*umupo sa kanan ng luklukan ng Dios.*

161 Si Jesus, sa Kanyang panalangin, sabi, "Ama, Aking pinababanal ang Aking Sarili." Si Jesus ay pinabanal, sa Iglesya. Maaari Siyang mag-asawa, pero hindi Niya ginawa. Siya'y pinabanal. Ang sabi Niya, "Pakabanalin Mo sila, Ama, sa pamamagitan ng Katotohanan. Ang Iyong Salita ay Katotohanan."

162 Ngayon isantabi natin ang bawat pasan. Mayroon ba kayong init ng ulo? Mayroon ba kayong kung anong bagay sa inyo, na nagbubunsod sa inyo na magsalita gayong hindi dapat kayo magsalita? Oh Diyos! Isantabi n'yo na riyan ngayon. Ilatag n'yo mismo riyan, at antabayanan n'yo ang Apoy ng dambana na bumababa't aalisin 'yun. Antabayanan n'yo ang pag-ibig ng Diyos na tutupukin 'yun. Antabayanan n'yo ang lahat ng dating pagkamakasarili, kung paano kayo nakikipag-usap noon sa iyong asawang babae, kung paano kayo nakikipag-usap sa iyong asawang lalaki, kung paano kayo nakikipag-usap sa iyong kapitbahay, kung paano kayo nagtsitsismis tungkol sa mga tao sa simbahan, inyo ngang ilatag mismo sa altar ngayong umaga, at bababa ang Apoy ng Diyos at aalisin 'yun agad, at ang Makalangit na Pag-ibig na ang hahalili sa kinalalatagan nito.

163 Mayroon ba kayong sakit? Ilatag n'yo sa altar, sabihin, "Panginoon, heto na po. Lumikha Ka sa akin ng isang malinis na espiritu. Lumikha Ka sa akin ng isang kapangyarihan ng pagpapagaling." Tingnan n'yo kung anong gagawin ng Diyos. Gagawin ito ng Diyos sa umagang ito.

164 Makalangit naming Ama, kami po'y yumuyuko sa Iyong Presensya, alang-alang sa kanila na nasa may altar. Iyo pong ibunsod ang Iyong biyaya na mamalagi sa bawat isa sa kanila, Ama. Ngayon habang sila. . .Panginoon, hindi ko ito magagawa para sa kanila. Kinakailangan na sila mismo ang gagawa. Walang sinuman ang makagagawa nito para sa kanila. Kinakailangan nga nilang gawin ito mismo. Iyo pong ibunsod na ang kanilang mga kaluluwa ngayon ay magsabi sa kanilang sarili, "Oh Diyos, ang init ng ulo na ito, akin itong isinasantabi rito, Panginoon. Hinding-hindi ko na ito pupulutin uli. Kahit na ano pa ang dumating o umalis, akin itong bibitawan, mula ngayon. Ang dila ko pong ito na padalos-dalos kung pumanig sa sari-saring tsismis, Panginoon, isinasantabi ko na ito rito. Hindi ko na ito pupuluting muli. Pakabanalin Mo po ang aking dila, Panginoon. Hayaan Mong madama ko ang mga Anghel na dumarating, na tulad ni Isaias noong sinabi niya, 'Ako'y may maruming mga labi. Sa aba ko!'" At dumating ang Anghel, kinuha ang mga pang-ipit, at nagpunta sa may dambana at kumuha ng mga baga ng Apoy, at idinaiti 'yun sa kanyang mga labi't pinabanal siya. Diyos, pakabanalin mo ang bawat nagsasalita, ngayong umaga, na nagsasalita ng kamalian at naghahasik ng alitan. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

165 Ang lahat ng mga karamdaman na nakayuko rito sa gusaling ito, mga taong may sakit, yamang nalalaman na ang mga ito'y sa demonyo, nga. Diyos, bilang lingkod Mo, sinasaway ko ang mga ito, sa Pangalan ni Jesus. Magsilabas nawa ang mga ito sa bawat taong may sakit. At ang bawat tao na marumi, na marurumi ang pag-iisip, na mahahalay, na mapagnasang, kalalakihan at kababaihan, kapwa, Diyos, Iyo pong alisin ito mula sa kanila.

Ang lahat ng ito rito na nagsisikap ihinto ang paninigarilyo, at kaunting pag-iinom bilang pakikisalamuha, at mumunting kasiyahan, at mga bagay na makasarili; Diyos, pasiglahin Mo po ang kanilang puso ng Espiritu Santo sa paraan na ang mga bagay na 'yun ay hindi na magkaroon pa ng pagnanasa. Wala na itong puwang; puspos na puspos na kayo ng Espiritu Santo, magmula riyan.

166 Diyos, ibunsod Mo pong ang munting iglesyang ito ay maging isang nagniningas na palumpong. Gawin Mo itong isang dako ng Espiritu Santo, gawin Mo itong nagniningas na Apoy, na kapag ang mundo'y bumaling ay makikita ang kaluwalhatian ng Diyos. Diyos, magsimula Ka sa kakaunting mga tao na narito, sa ilang daan na narito ngayong umaga. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

167 Dalisayin Mo ang bawat puso, bawat Methodist, bawat Baptist, bawat Katoliko, bawat Presbyterian, bawat Pentecostal. Panginoon, iwaglit Mo ito sa kanilang puso, at hayaan silang lumapit sa Iyo ngayon. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Inihahabilin ko sila sa Iyo, at ipinagkakatiwala ko sila sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa paglilinis ng kanilang kaluluwa at sa kagalingan ng kanilang katawan. Amen.

168 Naiisip ko, sa altar, iniwan n'yo na ba ang mga pasanin n'yo? Nararamdaman n'yo bang nakalapag na ito riyan? Kung sa pakiramdam n'yo ay nakalapag na ito roon, kayo ang humusga. Kayo ang nanalangin. Ako'y nakapangaral na. Kayo ang siyang nananalangin. Iniwan n'yo na ba ang pasanin n'yo roon, kapatid na babae, kapatid na lalaki? Kaya n'yo na bang iwanan 'yun talaga roon? Kung kaya n'yo na, itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin, "Opo, Diyos, ngayon po'y iniiwan ko na ito rito. Ang pagwawalang-bahala ko, iniiwan ko na ito rito sa may altar." Diyan kaya, diyan sa dulo ng altar dito, sa kanan ko, binibini? Kaya mo na ba itong iwanan diyan? Kaya mo na bang iwan ang dating pasanin doon? Sabihin, "Opo, nakatuon ang pananampalataya ko sa Iyo, sa Iyo na Cordero ng Kalbaryo." Sige't habang sama-sama natin itong inaawit ngayon.

My faith looks up to Thee,
Thou Lamb of Calvary,
O Saviour Divine;
Now hear me while I pray,
Take all my guilt away,
O let me from this day
Be wholly Thine!

169 Tumayo po tayo, nang talagang mapitagan, ang bawat isa. Ngayon makinig kayo nang mabuti, ang lahat ngayon. Wala po munang aalis. Hayan nga. . .Di pa tapos ang gawain. Ibig kong magkaroon kayo nitong kaunting paggalang, kaunting kataimtiman.

While life's dark maze I tread,
And griefs around me spread,
Be Thou my Guide;
Bid darkness turn to day,
Wipe sorrow's tears away,
And let me from this day
Be wholly Thine!

Huwag mo itong awitin sa iyong katabi ngayon. Ipikit mo ang mga mata mo, at awitin natin ito nang marahan, habang itinataas natin ang ating mga kamay sa Diyos.

While life's dark maze I tread,
And griefs around me spread,
Be Thou my Guide;
Bid darkness turn to day,
Wipe sorrow's tears away,
Nor let me ever stray
From Thee aside.

I've got a Father over yonder,
I've got a Father over yonder,
I've got a Father over yonder,
On the other Shore.

Oh, some bright day I'll go and see Him,
Some bright day I'll go and see Him,
Some bright day I'll go and see Him,
On the other Shore.

Oh, that bright day may be tomorrow,
That bright day may be tomorrow,
That bright day may be tomorrow,
On the other Shore.

170 Iniisip ko ngayon, ilan po ang mayroong tatay na nasa kabilang Lupain na? Sige't patingin po ng kamay n'yo. Ilan ang mayroong nanay na nasa kabilang Lupain na? Sige't patingin po ng kamay n'yo. Ilan ang may Tagapagligtas sa kabilang Lupain? Sige't patingin po ng kamay n'yo.

Won't that be a happy meeting!
Won't that be a happy meeting!
Won't that be a happy meeting!
Upon the other . . .

171 Gusto kong gawin n'yo ang isang bagay. Ngayon sa ating pag-awit n'yan muli, gusto kong kamayan n'yo ang tao na nakatayo sa tabi n'yo, at sabihin, "Kapatid na lalaki, kapatid na babae, ipanalangin mo ako, na makatagpo kita sa kabilang Lupain." Huwag n'yong gawin ito maliban na taos ito sa inyo. Ilan ang may gustong makita ang isa't isa? Ilan ang may gustong makita ang lahat ng narito, sa dako Roon? Tayo nga, talagang gusto natin. Ngayon ay kamayan lamang natin ang isa't isa, at sabihin, "Gusto kitang makita, kapatid. Gusto kitang makita

sa kabilang panig." Ngayon habang inaawit natin ito, "May Tagapagligtas ako sa dako roon." Buweno.

I've got a Savior over yonder,
I've got a Saviour over yonder,
I've got a Saviour over yonder,
Upon the other Shore.

Oh, some bright day I'll go and see Him,
Some bright day I'll go and see Him,
Some bright day I'll go and see Him,
On the other Shore.

172 Hindi ba't nakakagaan 'yun at nakakapagpaganda ng pakiramdam? (*Jesus, keep me near the cross*.)

Jesus, keep me near . . .
There's a precious Fountain,
Free to all, a healing stream,
Flows from Calvary's Fountain.

Lahat ay magsipagtaas po ng inyong kamay ngayon.

In the cross, in the cross,
Be my glory ever;
Till my raptured soul shall find
Rest beyond the river.

In the cross, in the cross,
Be my glory ever;
Till my raptured soul shall find
Rest beyond the river.

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary.

Papuri sa Diyos!

173 Sige't iyuko natin ngayon nang tahimik ang ating mga ulo. At sa ating sariling kalugod-lugod na paraan, purihin lamang natin Siya habang nakataas ang ating mga kamay, na sinasabi, "Salamat po, Panginoon, sa pagliligtas ng aking kaluluwa. Salamat po, Panginoon, sa pagpapagaling sa akin. Salamat po, Panginoon, para sa lahat ng ginawa Mo, nagdadala ng matimyas na pagliligtas, nagdadala ng kaligtasang walang bayad. Salamat po, Panginoon."

Ibinibigay namin sa Iyo ang handog na pasasalamat na ito. Pinupuri Ka namin dahil Ikaw ay labis na kaibig-ibig. Ikaw ang Lila ng Libis, ang Tala sa Umaga, ang Rosas ng Sharon, ang Lahat-lahat. Ikaw ang Ama, ang Anak, ang Espiritu Santo; Siya Noon, Siya Ngayon, at Ang Darating; ang dakilang Alpha, Omega. Ikaw Yaong Kahanga-hanga, ang Prinsipe ng Kapayapaan, ang Ugat at Supling ni David. Ikaw Lahat! At pinasasalamatan Ka namin, Panginoon, dahil sa lahat ng ginawa

Mo. Pinasasalamatan Ka namin para sa Iyong Salita, dahil Ito'y isang Liwanag sa aming landas. Oh, dalangin namin, Panginoon, na pahintulutan Mo kaming lumakad sa Liwanag. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Buweno. Habang nakaupo tayo pansumandali. (*We'll walk in the Light*.)

> We'll walk in the Light, such a beautiful Light,
> Come where the dewdrops of mercy are bright;
> Shine all around us by day and by night,
> Jesus, the Light of . . .

174 Halina, mga banal, awitin natin ito ngayon!

> We'll walk in the Light (kadalisayan, kabanalan), beautiful Light,
> Come where the dewdrops of mercy are bright;
> Shine all around us by day and by night,
> Jesus, the Light of the world.

> Come, confess Him as your King,
> Jesus, the Light of the world;
> Then the bells of Heaven will ring,
> Jesus, the Light of the world.

Ang lahat po!

> We'll walk in the Light (isang Liwanag sa aking landas), beautiful Light,
> Come where the dewdrops of mercy are bright;
> Shine all around us by day and by night,
> Jesus, the Light of the world.

175 Hindi ba't kay sarap nito sa pakiramdam? Ilan po ang gumaan ang pakiramdam? Itaas n'yo lang po ang kamay n'yo ngayon, sabihin, "Ang sarap ng pakiramdam ko." Ganap na nilinis ka na ng Espiritu Santo. Kung ganoon tayo'y (ano?) lalakad sa Liwanag. Huwag makinig sa anumang . . . Ano ang Liwanag? "Ang Iyong Salita ay isang Ilawan." Kaya naman:

> We'll walk in this Light, it's a beautiful Light,
> It comes where the dewdrops of mercy are bright;
> Shine all around us by day and by night,
> Jesus, the Light of . . .

176 Ngayon, hindi ba't kahanga-hanga 'yun? Para ngang nahihirapan tayong magtapos. Talagang hinahawakan tayo nang mahigpit ng Espiritu Santo! Hindi ba't ganoon ang pakiramdam n'yo? Ang pakiramdam nga'y para bang . . .? . . . Para bang dumadaloy ito nang dumadaloy.

> . . . Gospel is dripping with blood,
> The blood of disciples who died for the Truth,
> This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

The first one to die for this Holy Ghost plan,
Was John the Baptist, but he died like a man;
Then came the Lord Jesus, they crucified Him,
He preached that the Spirit would save men from sin.

There's Peter and Paul, and John the divine,
They gave up their lives so this Gospel could shine;
They mingled their blood, like the prophets of old,
So the true Word of God could honest be told.

Then they stoned Stephen, he preached against sin,
He made them so angry, they dashed his head in;
But he died in the Spirit, he gave up the ghost,
At went to join the others, that life-giving host.

It keeps dripping with blood, yes, it's dripping with blood,
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood,
The blood of disciples who died for the Truth,
This Holy Ghost Gospel keeps dripping with blood.

Pakinggan n'yo!

There's souls under the altar, they're crying, "How long?"
For the Lord to punish those who've done wrong;
But there's going to be more who will give their life's blood
For this Holy Ghost Gospel with its crimson flood.

Just keeps dripping with blood, (Hallelujah!) it's dripping with blood,

Nais kong maging isa sa kanila.

. . .Holy Ghost Gospel, it's dripping with blood,
The blood of disciples who died for the Truth,
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood.

177 Nais ko mismong humayo mula sa pulpito. Amen. Oh, kahanga-hanga talaga! Ibinigay ng aking mga kapatid ang dugo ng kanilang buhay. Marami pa ang gagawin ang ganoon ding bagay. Huwag kayong mag-alala. Malapit nang dumating ito sa pagtutuos. Alinman sa makakapasok ka o sa labas ka. Nakikianib na silang lahat ngayon sa Konseho ng mga Iglesya, at pumapasok na ang lahat. Nakikihalubilo na sila roon.

And there's going to be more who will give their life's blood,
For this Holy Ghost Gospel and its cleansing flood.

It's dripping with blood, yes, it's dripping. . . (Oh, hallelujah!)
This Holy Ghost Gospel is dripping with blood,
OhThe blood of disciples who died for the Truth,
This Holy Ghost Gospel, it's dripping with blood.

178 Grabe! Pakiramdam ko nga'y nasa ibabaw lang ng iglesya ang Pag-agaw. Oh, sadyang napakasarap ng pakiramdam ko! Ang lahat ng mga kasalanan ay nasa ilalim na ng Dugo. Kita n'yo, gusto ng Espiritu Santo ang Salita. Ang Salita ang kinakain ng Espiritu Santo, kita n'yo. Oh, naku! Bumababa ito at dumadako sa mga tao, nililinis ang kanilang mga kasalanan, winawaglit ang lahat ng kanilang mga karamdaman, winawaglit ang kanilang mga kalungkutan. Ngayon ako'y lasing, talagang lasing na lasing, lasing sa Espiritu, na bumubukal ang pag-ibig mula sa puso ko. Kahit ano pa ang ginawa ng sinuman, napatawad na ito. Ang pinakamapait mong kaaway, tapos na ito. Nakapagsalita man ang sinuman at may sinabing anuman, kung ako. . .buweno, ako. . .haya't nawaglit nang lahat, nilinis na ngayong lahat.

And it's dripping with blood, yes, it's dripping with blood,
The Holy Ghost Gospel is dripping with blood,
The blood of disciples who died for the Truth,
This Holy Ghost Gospel. . .

Oh, grabe! Kamangha-mangha!

What a wonderful time for you,
What a wonderful time for me;
If we all prepare to meet Jesus our King,
What a wonderful time will be.

Wonderful time for you,
A wonderful time for me;
If we all prepare to meet Jesus our King,
What a wonderful time will be.

Gustung-gusto n'yo ba 'yun? Ang lahat na, sige po!

Oh, wonderful time for you,
A wonderful time for me;
If we all prepare to meet Jesus our King,
What a wonderful time will be.

179 Pakiramdam ko nga'y nasa iglesya ngayon ang isang makalumang rebaybal. Hindi po ba? Isang makaluma mismong

paglilinis, pagkukuskos; mainam na, makalumang kamangha-manghang panahon. Hindi ba't kay ganda ng pakiramdam n'yo? Oh!

> Pupurihin ko Siya, pupurihin ko Siya,
> Purihin ang Cordero na para sa mga makasalanan ay pinaslang.

Awitin natin ito ngayon, bawat isa. Alam n'yo ba ito? Alam ko ito. Halika po; tulungan mo akong pangunahan ito, Kapatid na Neville. At ang lahat po, sama-sama na, itaas lamang ang ating mga kamay, sabay-sabay na awitin ito, ngayon, ngayon, kung magagawa n'yo.

> Praise the Lamb for sinners slain;
> Give Him glory, all ye people,
> For His Blood has washed away each stain.

180 Ngayon, ang lahat, sige po!

> I will praise Him, I will praise Him,
> Praise the Lamb for sinners slain;
> Give Him glory, all ye people,
> For His Blood has washed away each stain.

Amen. Hindi ba't kahanga-hanga 'yun?

> . . .Pearly white City,
> I have a mansion, a harp, and a crown;
> Now I am waiting, watching and praying,
> For the white City John saw coming down.

181 Amen. Kahanga-hanga! Oh! Ngayon po'y tumayo tayo, ang bawat isa. Umaasa akong maganda ang pakiramdam n'yo. Tandaan n'yo ang mga gawain mamayang gabi. Ngayon nga'y ibig nating awitin ang maganda nating pagtatapos na awitin.

> At the Name of Jesus bowing,
> Falling prostrate at His feet,
> King of kings in Heaven we'll crown Him,
> When our journey is complete.

Buweno. Ang lahat ngayon, nang sama-sama. Sige.

> At the Name of Jesus bowing,
> Falling prostrate at His feet,
> King of kings in Heaven we'll crown Him,
> When our journey is complete.

> Precious Name, (Precious Name!) O how sweet! (O how sweet!)
> Hope of earth and joy of Heaven;
> Precious Name, (Precious Name!) O how sweet! (O how sweet!)
> Hope of earth and joy of Heaven.

182 Napakagandang umaga! Napakagandang oras! Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon pansumandali. Ang lahat ay tumuon

ngayon nang diretso kay Cristo, na ating Tagapagligtas. Nang may kataimtiman, ibig kong pasalamatan at papurihan n'yo Siya. Sabihin, "Panginoon, lubos Kitang pinasasalamatan sa pagpapabanal Mo sa aking kaluluwa. Lubos Kitang pinasasalamatan dahil sa lahat ng ginawa Mo para sa akin. Sumaakin nawa ang Iyong Espiritu sa buong araw, Panginoon. Gabayan Mo ako. Patnubayan Mo ako. Pagpalain Mo ako." Ipagkaloob nawa ng Diyos ang pagpapalang 'yan sa inyo, 'yan ang dalangin ko.

Ngayon habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo, Kapatid na Neville, ikaw ang magsara sa atin sa panalangin.

55-0724 Mga Espiritung Mapanghikayat
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

www.branham.org